# Sa Araw na Ito ay Ganap na Ang Kasulatang Ito

Jeffersonville, Indiana, USA
Pebrero 19, 1965

1 Manatili tayong nakatayo, kung inyong mamarapatin, habang nakayuko tayo para sa isang panalangin. Mahal na makalangit na Ama, nagpapasalamat kami sa isa na namang pagkakataong ito upang makaparito at mailahad ang maluwalhati at kamangha-manghang Ebanghelyong ito ni Jesus Cristo. Pinasasalamatan Ka namin dahil hindi pa rin Siya nagbabago kahapon, ngayon, at magpakailan man. Pinasasalamatan Ka namin dahil sa mga taong ito na nagkakatipon dito sa panahon ng taglamig na ito at malaki pa rin ang kanilang pag-aasam, uamaasa at sumasampalatayang may matatanggap kaming di-pangkaraniwan mula sa Diyos. Dumadalo kami na taglay ang pag-asang iyon, Panginoon, sa bawat pagtitipon. Pinasasalamatan Ka namin sa gawain noong makalawang gabi sa tabernakulo. Pinasasalamatan Ka namin sa gawain dito kagabi at sa gawain ngayong umaga sa tabernakulo. Nananabik kami ngayon sa maari Mong ipagkaloob sa amin sa gabing ito.

Ama, nalalaman naming sinumang may kakayahang magpagalaw ng kamay ay makabubuklat ng pahina ng Biblia, ngunit Iisa lang ang may kakayahang magbigay ng buhay Dito at gawin Itong makatotohanan, at Ikaw iyon. Ama, umaasa kaming gagawin Mo iyon sa gabing ito. Pagpalain Mo kami sa lahat ng paraan. Puspos ng kagalakan ang aming mga puso habang nakikita naming papalapit na ang panahon kung kailan ay makikita namin Siya ng mukhaan, Yaong inibig namin at naging dahilan ng pamumuhay namin salahat ng mga taong nagdaan.

Maraming mga bagong naakay sa Iyo, Panginoon. Nauunawaan naming marami, apatnapu o limampu, at babautismuhan sa Iyong Pangalan sa umagang ito naging bunga ng gawain kagabi. O Diyos, idinadalangin naming magpatuloy Ka, hanggang sa makita ng bawat predestinadong binhi ang Liwanag ng Ebanghelyo at mapabilang sila sa kawan.

Hiling namin na itago Mo kami sa likod ng Salita ngayong gabi; bulagin Mo kami sa mga bagay ng sanlibutan at itulot Mong makita namin si Jesus. Magkaroon nawa kami ng karanasang tulad sa Bundok ng Pagbabagong Anyo sa kalagitnaan namin sa gabing ito, na wala kaming ibang makita kundi si Jesus lamang. Hinihiling namin ito sa Kaniyang Pangalan at parasa Kaniyang kaluwalhatian, at sa bindikasyon ng Kaniyang Ebanghelyo. Amen. Makakaupo na kayo.

2 Pipihitin ko lang ang mikroponong ito, o ang pulpitong ito; nang bahagyang patagilid; kung maari, upang makita ko ang magkabilang panig ng mga tagapakinig. Palagay ko'y maaari kong ilagay ang mga mikroponong ito sa gawaing ito, tama ba? Mabuti, sandali lang.

Binabati natin mula sa bulwagan ngayong gabi, ang ating mga kaibigan sa Arizona, California, Texas at sa buong Estados Unidos sa pamamagitan ng telepono. Kaya't umaasa tayong pagpapalain tayo ng Diyos.

Narinig n'yo ba riyan — sa gawing kaliwa nitong bulwagan? Mabuti, titingnan nila ngayon kung maayos na gumagana ang sistema ng telepono.

3 Masaya ba ang lahat sa gabing ito? Kita n'yo? Buweno, mabuti iyan. Sa gawing ito? Amen. Nagagalak akong makita na kayong lahat ay maginhawang nakaupo.

At ngayon, bukas ng gabi kung magpapatuloy sa pagdami ng mga tao, maririnig din nila ito sa telepono; mayroon tayo nito ngayong gabi; sa palagay ko ang ilan sa kanila'y naroroon ngayon sa Tabernakulo.

At bukas ng umaga hindi maaaring ganapin ang gawain sa Tabernakulo, sapagkat may magbubulaklak naparoroon upang gayakan ang simbahan para sa isang kasalan bukas ng hapon. At inilipat nila ang mga gawain sa umaga sa simbahan nina Brother Ruddell (isa samga kasamahan natin) doon sa — dito sa highway: 62. Naipatalastas na ba iyon? Naipatalastas na. At kung aapaw doon, dadalhin natin ang iba doon kina Brother Junior Jackson sa Clarksville at magsusugo tayo roon ng ibang ministro. At dahilan kaya itinakda natin iyon kina Brother Ruddell, malapit kasi iyon ditoat naisip namin na mas madali ninyo iyong matatagpuan. At pagkatapos kami na ang bahala sa anu't-anuman, at titiyakin naming mababautismuhan ang lahat ng nakatakdang bautismuhan bukas, at umaasa ako na madaragdagan pa ito ng mga isa o dalawang daan bukas.

At ngayon, bukas ng gabi . . .

4 Hindi ko gustong sinasabi kung ano ang ipangungusap ko bago ko iyon ipangusap, ngunit isang gabi sa gawain, o isangaraw, nais kong mangusap tungkol sa paksang "Sino ba ang Melquisedec na Ito? "Sapagkat isa itong paksa na sa palagay ko ang kapahayagan nito ay naging katanungan sa buong kapanahunang ito na ating kinabubuhayan, "Sino nga ba ang Lalaking Ito?" At naniniwala ako na nasa Diyos ang kasagutan kung sino nga ba Siya. Ang sabi ng ilan, isa raw itong pagkasaserdote; ang ilan naman ay nagsasabing isa Siyang Hari; ang ilang ay . . . Ngunit mayroon at mayroong . . .

Kung may katanungan, mayroon at mayroong tamang kasagutan sa katanungang iyon. Hindi maaaring magkaroon ng katanungan nang wala munang kasagutan.

5 Ngayon, umaasa tayo na pagkakalooban tayo ng Diyos ng pagpapala mula sa Kaniyang Salita habang binabasa natin Ito

At nagkaroon kayo . . . Sinabi sa akin ni Billy na naging maganda ang pakipagtulungan ninyo sa mga taong nangangasiwa sa sistema ng paradahan, sa mga pulis at lahat. Panatilihin n'yo iyan; totoong napakainam niyan.

Umaasa tayo na makikita natin ang panahon (marahil sa malapit na hinaharap) kung kailan ay madadala natin ang tolda dito sa siyudad at itayo iyon sa parke kung saan ay maaari tayong tumigil ng ilang panahon, marahil tatlo o apat na linggong revival, na tuluy-tuloy. Samantalang dito, bahagya pa lamang tayong nagkakakilala sa isa't-isa, ay kailangan na agad nating magpaalam at muling umalis. Subalit nais kong pumarito at bumisita ng matagal, sa isang pagkakataon kung saa'y makapanatili kayo nang sa gayon hindi natin kailanganing magtapos pagkaraan lamang ng isa o dalawang gabi, bagkus ay magawa naming tumigil at magtururo araw at gabi, araw at gabi, walang tigil. Marahil may uuwi para magpakain ng mga manok, o gatasan ang mgabaka, at makababalik siya sa kasunod na lingo at makapagpapatuloy siya sa pagdalo sa gawain. Gusto ko iyon. Kaya sumainyo nawa ang Panginoon.

6 Ngayon, bago ka umalis, marahil sa Linggo ng umaga o sa linggo ng gabi, o dikaya'y minsan ( isa sa mga gawaing ito), alam kong hinihintay ninyong lahat namarinig ang mensahe tungkol sa katotohanan ng kasal at diborsiyo, na isa sa malaking suliranin ng panahong ito. At ako . . . Singtiyak ng nakatayo ako rito ngayon, naniniwala akong ang wastong kasagutan ay nasa Salita ng Diyos, at ang paniwala ko, iyan ang dahilan kung bakit nangako akong babalik.

Sa palagay ko, alam . . . Sa abot ng aking nalalaman, nais kong magdaos ng isa pang gawain dito sa Jeffersonville sa Linggo ng Pasko ng Pagkabuhay, at tayo'y — para sa gawain sa pabubukang-liwayway at pagkatapos ang Linggo ng Pasko ng Pagkabuhay naman; kaya ipaanunsiyo namin ito nang maaga at marahil susubukin nating makuha ang bulwagan, kung maari, o saan man, para sa Linggo — marahil mapaparito ako ng Sabado at Linggo. Kailangan kong magmadaling dumating at umalis, sapagkat malapit na iyon sa panahong . . . Kailangan ko munang tignan iyon sa schedule ko at sa itineraryo ko sa California. At pagkatapos na pagkatapos no'n, kailangan kong magtungo sa Africa. Kaya patuloy kayong makipag-ugnayan sa amin at ipanalangin n'yo kami.

7 Ngayon, sa gabing ito nais kong tawagin ang inyong pansin sa isang bahagi ng Salita ng Diyos na masusumpungan sa ika-4 na kabanata ng San Lucas — sa ika-4 nakabanata at sa ika-16 na tatala ito nagsisimula. Si Jesus ang nangungusap. Saaraw na ito ay ganap na ang Salitang ito sa inyong mga pakinig.

Ngayon, nais nating humugot diyan ng isang konklusyonng kung gaano ang kapangyarihan taglay ng Salita ng Diyos. Ngayon, kaya nating lahat na intindihin ang mechanics ngunit ang dynamics ang pagpapapagana nito.

Kaya natin intindihin kung ano ang mechanics ng isang makina (ng kotse), ngunit gayunpaman ang dynamics ang siyang nagpapagana at nagpapakilos sa mga gulong nito.

Ngayon, nagbalik si Jesus sa Nazaret upang —kung saan Siya lumaki. Sa ibaba ng mga Kasulatang ito ay makikita natin ang sinabi nila, “Narinig namin gumawa Ka ng ganito-at-ganoon doon sa Capernaum; ngayon hayaan Mong makita naming ginagawa Mo iyon sa sarili Mong bayan.”

Ang sabi ni Jesus, “Walang propeta na di may kapurihan, liban sa kanyang sariling lupain.” At siyempre, doon ka lumaki at kilala ka ng mga tao. At doon ay masama na ang pangalan Niyasa simula pa lang dahil ipinanganak Siyang walang makalupang ama. Tinawag nila Siyang anak sa labas — dahil ang totoo, buntis na si Maria bago pa siya opisyal na ikasal kay Jose. Ngunit hindi totoo iyon; alam nating hindi totoo iyon.

8 At sa Kasulatang ito,kaya napagtuunan ito ng mga mata ko, ay dahil sa nangyari kailan lang sa Phoenix, Arizona. Huling araw na iyon ng gawain kung kailan ay nakatakda akong magsasalita sa pandaigdig na kombensiyon ng Full Gospel Business Men,

At sa kombensiyong ito ay may bisita kaming isang obispong Catolico, na kasapi ng Chaldean Rites ofthe Apostolic Catholic Church, ang Kagalang-galang na John S. Stanley, O. S.D.Siya ang Arsobispo ng Metropolitan United States sa Iglesia Catolica. Narito ang kanyang tarheta at ang kaniyang — at ang kaniyang tirahan.

At bisita siya ng Christian Business Men, at nakita ko na siya roon noong sinundang araw. At nang magsalita ako noong Sabado ng gabi, sa paniwala ko'y noon nga iyon, o noong Sabado ng umaga sa almusal, at habang nagsasalita ako panay ang tingin niya sa akin. Naisip ko, “Tiyak na di sumasang-ayon

ang taong iyon sa lahat ng sinasabi ko.”At, alam n'yo na, sadyang makikita mo siya; itinataas at ibinababa niya ang ulo niya, ngunit hindi ko alam kung ano talaga ang dahilan at nagkakaganoon siya.

9 Kaya kina-Lingguhan ng hapon nang tumayo ako para mangusap, kukunin ko na ang teksto ko tungkol sa “Hilab ng Panganganak,” kung saan sinabi ni Jesus nakatulad ngs isang babaeng kagampan, ay naghihirap sa panganganak. Kaya mangungusap na ako tungkol sa “Hilab ng panganganak” (iyon ang paksa ko), sinabi ko ang mundo ay naghihirap na sa panganganak ngayon. Kailangang lumipas na ang luma upang maisilang ang bago; katulad ng kailangang mabulok ang isang binhi upang magdulot ng bagong buhay.

At kung paanong ang mgapaghilab, dumanas ng hilab ng panganganak ang mundo noong unang Digmaang Pandaigdig. Dumanas siya nang matinding hilab, sapagkat mayroon sila noong poison gas at iba pa na halos ay sumira nang lubos sa mundo. At noong Pangalawang Digmaang Pandaigdig ay muli siyang dumanas ng isa pang mas matinding kirot; mayroon sila noong nga blockbuster at bomba atomika. Hindi naniya makakayanan ang isa pang hilab ng panganganak. Sa mga mga missile at iba pangmga bagay ngayon, isa pang digmaan at hahagis na siya sa kalawakan, sapagkat magluluwal na Siya, at magkakaroon ng isang bagong lupa. Iyan ang sabi ng Biblia.

Sa ilalim ng mensahe ng bawat propeta dumanas ang Israel ng hilab ng panganganak, sapagkat ang mga propetang ito ay dumarating sa eksena matapos na gawing organisasyon ng mga teologo at pinuno ng simbahan ang iglesia. At pagdating ng mga propetang iyon sa eksena nataglay ang ITO ANG SABI NG PANGINOON, niliglig nila ang mga simbahan at dumanas Siya ng hilab sa panganganak. Dumanas Siya ng mga paghilab ng panganganak hanggang sa, sa wakas ay iniluwal Niya ang Anak ng Ebanghelyo na walang iba kundi ang Salita mismo na naging laman.

10 Kaya ang iglesia ay totoong muli na namang nagdadalamhati ngayon sa panganganak para sa pagluluwal ng Anak — sa pagbabalik ng Anak ng Diyos. Lahat ng ating mga teologo, lahat ng ating mga sistema, lahat ng ating mga denominasyon ay nabulok na sa ating paanan. Kaya nagdadalamhati tayo sa panganganak. At ang isang Mensaheng buhat sa Diyos sa tuwina ay nagdudulot sa iglesia ng higit na matitinding paghilab. Ngunit makalipas ang ilang panahon ay magsisilang siya ng isang nobyana magdadala kay Jesus Cristo sa Kaniyang Nobya.

At, iniisip kong ganun na lang ang di-pagsang-ayon ng lalaki iyon sa akin, nang tumayo ako upang ipangusap ang mensaheng ito, binuklat ko ang aking biblia upang hanapin ang pahina.

At kabibigay pa lang sa akin ng maybahay ko ng bagong Bibliang ito, pamasko niya. May labinlimang taon na ang luma kong Biblia, at halos gula-gulanit na iyon. Sa tuwing bubuklatin koiyon, nagliliparan na ang mga pahina nito subalit sanay na sanay akong maghanap doon ng bawat Kasulatan. Kaya't natuto ako nang husto sa Bibliang iyon, at dinala ko sa umagang iyon ang bago dahil masyado nang luma tingnan ang isa para dalhin sa simbahan.

11 At nang buklatin ko sa San Juan nakinaroroonan ng kasulatan, sinimulan kong basahin ang ika-16 na kabanata, at wala roon ang talatang hinahanap ko. Kaya naisip ko, “Di pangkaraniwan ito.”Binuklat kong muli; wala pa rin.

At nakaupo roon si BrotherJack Moore na taga Shreveport, Louisiana, na isa kong matalik na kaibigan. Ang sabi ko, “Brother Jack, hindi ba sa San Juan 16 makikita iyon?” Ang sabiniya,“Oo”

At tumayo ang paring Catolicong ito, sa gitna ng isandaang ministrong nakaupo sa plataporma, lumapit siya sa akin; atang sabi niya, “Anak, huminahon ka. Napipintong kumilos ang Diyos.” At naisipko. “Isang obispong Catolico ang nagsasabi sa akin ng ganoon.” Ang sabi niya,“Basahin mo sa Aklat ko.”

At binasa ko ang Kasulatan sa Aklat niya, at kinuha ko ang teksto ko at nagpatuloy ako sa pangangaral ng aking sermon.

Pagkatapos, nang makatapos ako, tumayo siya nang makaalis na ako at nagsabi, “Isang bagay ang dapat mangyari. Pagkatapos nito, kailangang iwan ng iglesia ang kaguluhang kinaroroonan nito, o kakailanganin nating iwanan ang kaguluhang kinasasadlakan ng iglesia . ”Kaya, isa man sa dalawa.

12 At pauwi na ako (pabalik na ako sa Tucson) nang gabing iyon, at nanghingi ng sandwich ang mga anak ko, at tumigil ako upang bumili ng sandwich sa isang maliit na tindahan. At ang sabi ng maybahay ko, “Bill, hindi pa ako kinabahan nang gano'n sa buong buhay ko, gaya kanina nang makita kitang nakatayo roon nanangangapa sa Bibliang iyon.” Ang sabi pa niya, “Hindi ka ba kinabahan?”

Ang sabi ko, “Hindi.” 'Ika ko, “Alam kong naroon iyon; Wala lang ang pahina. Mali ang pagkakaimprenta no'n.

“Isipin na lang na ako ang bumili ng Bibliang iyon para sa iyo. Para bang ang lahat ng mata ng mga taong naroroon ay nakatingin sa akin.”...

Buweno, umupo ako at tiningnan ko iyong muli. Sadyang tamang tama iyon, ngunit ang ika-16 kabanata, nagtatapos ang bahagi — ang bahagi nito ay mga tatlong pulgada lang mula sa ibaba, gayondin sa ika-17 kabanata, gayon din sa kabilang pahina, at dahil iyon ay isang bagong Biblia, ang dalawang pahinang iyon ay nagkadikit, at nagbabasa ako saika-17 kabanata sa halip na sa ika-16 sa kabanata.

"Buweno,"ang sabi ko, "ayos lang iyon. May dahilan ang pangyayaring iyon."

13 At singlinaw ng anumang tinig na maaring mong marinig, may Tinig akong

naririnig at nagsabi, "Nagtungo siya sa Nazaret na Kaniyang nilakihan at pumasok Siya sa sinagoga ayon sa Kaniyang kaugalian. At ibinigay sa Kaniya ng pari ang Kasulatan upang basahin at binasa Niya sa Isaias 61. At nang mabasa Niya ang Kasulatan, ibinalik Niya ang Biblia sa pari, ang Aklat, at naupo. At ang mga mata ng kongregasyon ay nakatitig sa Kaniya at lumabas sa Kanyang bibig ang mga mahahalagang salita at ang wika Niya,

'Sa araw na ito ay ganap na ang Kasulatang ito." "Sa araw na ito ay ganap na ang KasulatangIto." Wastung-wasto ang Kasulatan. Kung papansinin n'yo ito, sa Isaias 61:1-2 nagbabasa ang panginoon sa — Isaias 61:1-2. Ngunit sa kalagitnaan ng pangalawang talata ng Isaias 61, ay tumigil Siya kung saan ay nakasaad, "Sumasa Akin ang Espiritu ng Panginoon upang itanyag ang kaaya-ayang taon ng Panginoon." Noon ay tumigil Siya. Bakit? Ang bahaging iyon ang paghahatid ng paghuhukom, ay hindi nauukol sa Kaniyang unang pagdating kundi sa

Kaniyang pangalawang pagdating. Kita n'yo, hindi iyon ukol doon; tunay na indi nagkakamali ang mga Kasulatan. Sakdal ang mga ito sa tuwina. Tumigil sa Jesus kung saan tumigil ang Kasulatan, 'pagkat iyon talaga ang dapat mabindika sa Kaniyang kaarawan. Ngayon, sa unang pagdating na iyon . . . Sa pangalawang pagdating maghahatid Siya ng paghuhukom sa ibabaw ng lupa, ngunit hindi sa pagkakataong iyon. Noon ay ipangangaral Niya ang kaayaayang taon.

14 Pansinin, nakatayo ang Mesias sa plataporma upang ipakita ang Kanyang Sarili kasama ang Naipangakong Salita para sa kapanahunang iyon. Gaano kakaiba iyon —nakatayo ang Mesias sa harapan ng iglesia. At tignan ang mahalagang salitang ito, nang sabihin Niya rito, "Upang itanyag ang kayaayang taon . . ." Ang kaayaayang taon, gaya ng alam natin bilang mga mambabasa ng Biblia, ay ang taon ng Jubileo, kung kailan lahat ng alipin at bihag, tulad nila noon — naging mga bihag, at kailangan nilang magbigay ng isang anak na lalaki upang ipambayad sa utang, o kaya'y isang anak na babae upang ipambayad sa utang, at alipin sila noon. Ganoon mankatagal silang bihag o gaano man katagal sila dapat manatili roon, kapag dumating ang taon ng Jubileo, kung kailan ay pinatutunog ang trumpeta, bawat taon ay maaaring lumaya kung nanaisin niyang lumaya. Malaya ka na; hindi ka naalipin.

Ngunit kung nais mong manatiling isang alipin, kung gayo'y kailangan kang dalhin sa templo, patatayuin ka sa tabi ng haligi ng templo, at kukuha sila ng pambutas at bubutas ang iyong tainga. At kung magakagayon ay kailangan mong paglingkuran ang iyong amo ng buong buhay mo.

15 Napakagandang halimbawa ito ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Kapag ito'y naipangaral, ang kaayaayang panahaon at ang panahaon ng Jubileo, ang lahat, maging sino ka man, anuman ang kulay mo, anumang denominasyon ka kabilang, gaano man ang pagkalugmok mo sa kasalanan, o anuman ang mali sa iyo, maaari kang lumaya kapag narinig mong tumunog ang trumpeta ng Ebanghelyo. Malaya kana. Ngunit kapag tumalikod ka sa Mensahe at hindi mo Ito pinakinggan, pansinin, bubutasan ka ng pambutas sa tainga. Nangangahulugan iyon na natawid mo na ang guhit na nasa pagitan ng biyaya at paghuhukom at hindi mo na kailan man maririnig pang muli ang Ebanghelyo. Hindi ka na makalalaya pa; kinakailangang alipinin ka ng sistemang kinaroroonan mo sa buong buhay mo, kung hindi mo diringgin ang kaayaayang taon.

Ngayon, ang isa pang bahagi nito, tulad ng sinabi ko, ay hindi kailangang matupad noon, sapagkat ang darating na Mesias na ito, isa itong pagkakataon, kung kailan ay maghahatid Siya ng paghuhukom.

16 Ngayon, bakit hindi nakilala ng mga taong iyon kung Sino Siya? Bakit hindi nila iyon nakita? Paanong nangyari iyon samantalang malinaw iyong naipaalam at naipakita? Paanong hindi nila iyon nakita samantalang malinaw iyong aipaalam at naipakita? Paanong hindi nila iyon nakita samantalang Siya. . . Napakadakilang Salita! Isipinn'yo! "Sa araw na ito ay nagaganap ang Kasulatang ito.

"Sino ang nagsabi nito? —Ang Diyos mismo, na Siyang tagapagpaliwanag ng Kaniyang Sariling Salita. Ang Mesias mismo na nakatayo sa presensiya ng kongregasyon at bumabas ng Salita mula sa Biblia na patungkol sa Kanyang Sarili, at pagkatapos ay nagsabi, "Saaraw na ito ay ganap na ang Kasulatang ito," at hindi pa rin nila iyon nakita. Ang laking trahedya nito, ngunit iyon talaga ang nangyari. Maraming beses na iyong nangyari. Paanong nangyayari iyon? Anupa't katulad din ng ibang mga pagkakataon, dahil sa paniwala nila sa pagpaliwanag ng tao sa Salita. Iyon ang dahilan. Ang mga mananampalataya noon (mga tinaguriang mananampalataya) ay tumatanggap ng paliwanag ng pari tungkol sa Kasulatan. Kung

kaya si Jesus, dahil hindi kasapi sa alin man sa mga hanay o kapisanan nila. Itinakwil Siya ng kanilang samahan. At dahil dito, hindi nila Siya kinilalang kasama, sapagkat iba Siya sa kanila. Ang Persona ni Jesus Cristo ay totoong katangi-tangi na dapat sana'y walang sinumang hindi makakilala na Siya na nga ang Anak ng Diyos, sapagkat isa Siyang sakdal na pagpapakilala ng Kasulatang nasulat tungkol sa Kaniya. Ganiyan nakikilala ang sinumang Cristiano: kapag ipinakikilala ng kaniyang buhay ang mga bagay na dapat gawin ng mga Cristiano.

17 Nagawa Niyang tumayo roon at magsabi,"Sa araw na ito ay natutupad na ang Kasulatang ito sa iyong paningin" . . .Tunay na katangi-tangi. Napakalinaw, gayunman ay hindi pa rin naunawaan ng mga taong iyon. Bakit? Sapagkat tinanggap nila ang paliwanag ng kung anong kapisanan ng mga pari na pinakinggan nila.

At laging inuulit ng kasaysayan ang sarili nito, at may tambalang kahulugan ang Kasulatan at mayroon itong tambalang kapahayagan.

Katulad ito ng sinabi sa Biblia na "Mula sa Egipto ay tinawag Ko ang Aking Anak (tumutukoy kay Jesus)."Tuntunin mo iyan sa margin at makikita mong tumutukoy din ito kay Jacob: iisang Kasulatan. Si Jesus ang mas dakila Niyang Anak. Si Jacob ang anak Niyang tinawag Niya mula sa Egipto, ayon sa reperensiya sa Scofield at lahat ng ibapa, sapagkat iyon ang Kasulatang tinutukoy dito, kaya mayroon iyong dalawang katugunan. Natugon iyon nang tawaging panlabas si Jacob at nang tawaging palabas si Jesus.

At ganito rin ngayon! Dahil sa kaguluhang kinaroroonan natin, at hindi nakikita ng mga tao ang Katotohanan ng Diyos, sapagkat napakarami nang pagpapaliwanag na ginawa ang tao tungkol sa Salita ng Diyos. Hindi nangangailangan ang Diyos ng sinuman upang magpaliwanag ng Kanyang Salita. Siya ang Sarili Niyang tagapagpaliwanag!

18 Sinabi ng Diyos noong pasimula, "Magkaroon ng liwanag," at nagkaroon nga ngliwanag. Hindi na iyon kinailangan pang ipaliwanag.

Sinabi Niya, "Isang dalaga ang maglilihi," at naglihi nga siya. Hindi na iyon nangangailangan ng anumang pagpapaliwanag.

Kapag — ang paraan ng Diyos ng pagpapaliwanag ng Kaniyang Salita at kapag binindika at pinatunayan Niyang iyon ay totoo. Iyon ang pagpapaliwanag Niya, iyon ay kapag pinapangyari Niya iyon. Iyan ang pagpapaliwanag ng Diyos, kapag pinangyari Niya ang Kaniyang Salita; ipinaliliwanag Niya Ito sa inyo.

Katulad ng kung hindi panagkaroon ng liwanag at sinabi Niya, "Magkaroon ng liwanag," at nagkaroon nga; hindi na kailangan ipaliwanag iyon ninuman.

Ngunit hinahaluan natin iyon ng mga sistemang gawa ng tao. At kapag ginawa mo iyon — inililihis mo ito. Lagi na lang ganyan ang nangyayari.

19 Ngunit iniisip ko pa rin kung gaano iyon kapansin-pansin. Isipin n'yo. Ang Mesias. Bakit hindi nila Siya nakilala? Sapagkat ang mga pinuno nila mismo na dapat sanang nakakilala sa Kaniya, nadapat sana'y bihasa sa mga Kasulatan, na dapat sanang nakauunawa ng mga Kasulatan, minaliit nila ang Lalaking ito at ang sabi nila, "Isa Siyang bastardo — unang-una." Hindi natin maaaring paniwalaan iyan.

Makaraan ang maraming taon hindi natin paniniwalaan iyan; handa tayong mamatay para sabihing Siya ay isinilang ng isang birhen.

At mangyayari isang araw na ang mga bagay na nakikita nating ginagawa ni Jehova ngayon, ang mga tao sa darating na mga kapanahunan, kung mayroon pang darating, ay mag-aalay ng kanilang buhay para sa bagay na pinag-uusapan natin ngayon. Kakailanganin mong gawin iyon pagdating ng tatak ng hayop, at hindi na sila pinahihintulutang mangaral ng Ebanghelyo sa ganitong paraan. Kapag nagsama-sama na ang malaking kapisanan ng mga iglesia, na ngayon ay handang-handa na para sa pandaigdigang iglesia, kakailanganin mong selyuhan ng sarili mong buhay ang iyong patoto otungkol dito.

20 Kailangang paniwalaan mo na ito ngayon pa lang. Kung makakabangon lang ang mga paring iyon na humatol sa Kaniya, hindi nila Siya magagagawang hatulan. Ngunit sinasabi mo,"Kung naroon ako, ganito-at-ganoon ang gagawin ko." Buweno, hindi iyon ang kapanahunan mo, datapuwat ito na ang kapanahunan mo ngayon! Ito na ang oras! Sasabihin mo, "Buweno, kung naririto lamang Siya . . ."

Ang sabi ng Biblia Siya'y tulad pa rin kahapon, ngayon, at magpakailan man; samakatuwid, naririto Siya. Subalit naririto Siya . . . Kung paanong ang sanlibutan ay sumulong sa sibilisasyon at naging higit na dakila at higit na edukado, Siya nama'y narito sa anyong Espiritu, na hindi nila maaring patayin o paslangin. Minsan na Siyang namatay; hindi na Siya maaring mamatay pang muli. Kinailangan Niyang maging laman upang ang Diyos ay mapaslang sa laman para sa kasalanan. Ngunit sa panahong ito ay

hindi na siya kailan man maaari pang mamatay; Ito ang Espiritu Santo.

21 Ngayon, isipin na lang ang dala-dala nila ang mga bagay na iyon laban sa Kaniya. Isa pa, ayaw Niyang sumapi sa kanilang mga samahan. Kaya kita n'yo, tuloy ay itinuring Siyang isang masamang tao dahil doon. Ayaw Niyang sumapi sa kanilang mga organisasyon, ayaw Niyangsumapi sa kanilang mga kaparian at ayaw Niyang magkaroon ng anumang pakikisama rito. At bukod pa sa lahat ng iyon, sinisikap Niyang gibain kung ano ang naitayo na nila!

Nagtungo Siya sa templo. Tinawag natin Siyang maamong Lalaki; Siyanga, ngunit madalas na mali ang pagkaunawa natin sa kung ano ang kaamuan.

Isa Siyang lalaking puspos ng habag, ngunti kung minsan ay hindi natin nauunawaan ang kung ano ang habag. Ang makataong simpatya ay hindi kahabagan, bagkus ang kahabagan ay ang pagtupad sa kalooban ng Diyos.

Dumaan Siya sa tangke ng Bethesda, sa pintuan; nakaratay doon ang mga tao, napakarami nila. Pag sinabi ng karamihan ay wala iyong tiyak na bilang, ngunit nakaratay doon ang karamihan: mga lumpo, mga bulag, mga pilay, mga taong naluluoy. At lagi Siyang nahahabag sa mga tao, at mga pinuntahan Niya ay isang taong hindi naman lumpo, bulag, pilay, o naluluoy man lamang. Marahil mayroon siyang sakit sa prostrate; marahil ay may karamdaman siya na matagal na niyang binabata; tatlumpu't walongtaon na niya itong tinitiis. Hindi naman iyon nakagagambala sa kaniya. Hindinaman iyon nakamamatay. Nakahiga siya sa isang tiheras. At ang sabi Niya, "Nais mo bang gumaling?"

At sumagot ang lalaki,''Walang taong maglulusong sa akin sa tubig, ngunit samantalang ako'y paroroon, aba'y, nauunahan ako ng iba.'' Kita n'yo, nakalalakad siya; nakakakita siya;ngunit nanghihina lang siya.

At sinabi ni Jesus sa kaniya, "Tumayo ka. Buhatin mo ang iyong higaan at umuwi ka na." At kinuwestyon si Jesus tungkol doon. Dahil kung naaalala n'yo ganito ang sabi ng Kasulatan . . .

22 Hindi nakapagtataka. Kung darating Siyasa Jeffersonville ngayong gabi at gagawa Siya ng ganoon, pag-uusapan nila Siyang muli.

Ngunit alalahanin, dumating Siya upang gawin ang isang bagay: ang kalooban ng Diyos. Ngayon, iyan ay masusumpungan sa San Juan 5:19; makukuha n'yo ang kasagutan. Ang sabi Niya,"Katotohanan, katotohanang sinasabi Ko sa inyo, hindi makagagawa ang Anak nganuman sa Kaniyang Sarili kundi ang makita Niyang ginagawa ng Ama, iyon ang gagawin ang Anak."

Ngayon, dapat Sana'y nalaman nilang iyon na nga ang pinaka bindikasyon ng hula ni Moises: "Palilitawin ng Panginoon mong Diyos ang isang propetang gaya Ko."

Napansin n'yo ba na nang makita Niya ang lalaking iyon ay sinabi Niya na . . . Alam ni Jesus na maaaring taon na siyang nasa gayong kalagayan. Kita n'yo, bilang isang propeta, nakitana Niya ang lalaking iyon sa gayong kalagayan, at nagtungo Siya roon, at sumingit Siya sa mga taong naroroon, unti-unting lumakad sa gitna ng karamihan hanggang sa masusumpungan Niya ang lalaking iyon.

Nilampasan Niya ang mga lumpo, ang mga bulag, at ang mga nanluluoy, gayunman isa Siyang lalaking puspos ng kahabagan, ngunit ang kahabagan ay nangangahulugan ng pagtupad sa kalooban ng Diyos.

23 Ngayon, makikita natin Siya, dahil ayaw Niyang sumapi sa kanila; ayaw Niyang magkaroon ng anumang pakikisama sa hanay nila; itinakwil nila Siya. Ayaw Niyang magkaroon ng anumang . . .

Bukod pa roon ay nagtungo Siyasa templo isang araw. 'Pag pumasok doon ang isang tao ay makikita niyang ang Bahay ng Diyos noon ay halos kasing dumi na rin ng Bahay ng Diyos ngayon. Silaay bumibili, nagbibili, nagpapalit ng pera, at tinaob Niya ang mga lamesa ng pera, kumuha Siya ng mga lubid at itinaboy Niya ang mga nagpapalit ng pera salabas ng templo, at tiningnan Niya sila nang may galit sa Kaniyang mga mata. At sinabi Niya, "Nasusulat (Aleluia.), ang Bahay ng Aking Ama ay isang bahay dalanginan at ginawa n'yo itong kuta ng mga tulisan. At kayo sa pamamagitan ng inyong tradisyon ay winalang kabuluhan ninyo ang mga kautusan ng Diyos."

Oh, magawa kaya ng lupong iyon ang sumampalataya sa Kaniya? Hindi po. Masyado na silang nalublob sa putik ng mga samahang panlipunan at sa karumihan ng araw na iyon hanggang sa lubos nasilang nagyelo dahil sa lamig ng iglesia na hindi na nila maramdaman ang pagyanig ng kapangyarihan ng Makapangyarihang Diyos. Hindi nakapagtatakang nagawang hipuin ng babaeng iyon ang kaniyang damit at gumaling siya, samantalang niluraan Siya sa mukha ng isang sundalo at wala Siyang nakitang anumang bertud doon. Depende iyan sa paraan ng paglapit mo; depende iyan kungano'ng hinahanap mo. Sa tuwing magsisimba ka, depende kung ano'ng hinahanap mo.

24 Ngayon, nakikita natin Siyang nakatayoroon. Walang dudang binalaan na Siya ng mga tao — binalaan — binalaan ngsaserdote ang mga tao, "Ngayon, pupunta Siya rito sa susunod na Sabbath atpagdating

Niya, huwag kayong makinig sa Kaniya. Ngayon, maaari kayong dumalo atmaupo rito, ngunit huwag ninyong intindihin ang sinisabi Niya, sapagkat hindisiya kabilang sa ating grupo. Isa siyang taong itinakwil. Wala siyangfellowship card; ni wala siyang maipakitang papeles ng organisasyon. Wala Siyang anumang maipakita."

"Ano ba Siya?"

Isa Siyang masamang tao naisinilang na bastardo dito ng — sa tahanan ng isang karpintero, na pinagbuntisng ina bago pa sila ikasal, at pinipilit nilang itago ang mga bagay na ito sapamamagitan ng kung anong bagay sa sobernatural.

Alam natin na kapag dumatingang Mesias mananaog Siya sa pasilyo ng Langit at doon Siya tutungo sa atingpunong saserdote at magsasabi, "Narito na Ako, Caifas." Ngunit makikita natinna hindi gayon ang ginawa Niya, sapagkat hindi gayon ang nakasulat sa Salita.Isang tradisyong gawa ng tao ang nagbunsod sa kanilang maniwala roon.

Sinabi ng Salita na darating Siya ayon sa paraan ng Kaniyang pagdating. At nakatayo na nga Siya roon,binabasa ang Salita at sinasabi sa kanila,"Sa araw na ito ay ganap na ang Kasulatang ito sa inyong paningin," at hindi pa rin nila Siya nakilala, katuladdin ng ginawa Niya sa lahat ng iba pang kapanahunan.

25 Maaring gayon din ang sabihin ni Noe noong araw na pumasok siya sa arka atnapinid ang pinto. Maaaring itaas ni Noe ang bintana sa tuktok ng arka,dumungaw sa kongregasyon (Alalahanin, sinira ng Diyos ang pinto.) at maaariniyang sabihin, "Sa araw na ito ay ganap na ang Kasulatang ito sa inyongpaningin." Subalit masyado na silang huli. Nangaral Siya sa loob ng isang daanat dalawampung taon at nagsikap papasukin sila sa arkang iyon na naitayo niya,sinasabi sa kanilang ayon sa Kasulatan ITO ANG SABI NG PANGINOON, uulan! Ngunit masyado silang nagpatumpik-tumpik. Ngunit maaari sanang sabihin ni Noe na: "Saaraw na ito ay ganap na ang Kasulatan."

Si Moises, noong araw na bumaba ang haliging apoy sa Bundok ng Sanai at pinatotohanan ang kaniyang patotoo, maaari niyang sabihin, "Sa araw na ito ay ganap na ang Kasulatang ito."

Si Moises, alam n'yo, ay isang lalaking tinawag ng Diyos, isa siyang propeta. At sa pagtawag sa kaniya, bilang isangpropeta, kinakailangan niyang magkaroon ng karanasang sobernatural para siyamaging propeta. Kinakailangan niyang makatagpo ang Diyos nang mukhaan atmakausap Siya. At isa pa, anumang sabihin niya'y kailangang matupad, dahil kunghindi ay walang maniniwala sa kaniya.

Kaya walang karapatan ang sinuman magsabing gayon siya, hanggang makausap niya ng mukhaan ang Diyos sapusod ng ilang, kung saan ay nakatagpo Niya mismo ang Diyos. At hindi siya mapangangatuwiranan ng lahat ng ateista sa mundo; naroon siya, at alam niyangnaganap iyon. Kinakailangan munang maranasan iyon ng bawat Cristiano bago sila magsabi ng anumang tungkol sa pagiging Cristiano — ang sarili n'yong karanasan!

26 Kausap ko ang pamangkin kong lalakikani-kanila lang, isa siyang Catolico, ang sabi niya, "Uncle Bill, nagparoo'tparito na ako, narating ko na ang lahat ng dako sa paghahanap ng isang bagay."Gabi-gabi, gabo magsimula ang pagtitipong ito, at lumapit siya sa altar (kungsaa'y may nangangaral) at nagkukumpisal na nagkamali siya.

Ang sabi ko, "Melvin, saan kaman magpunta, gaano man karami ang sapian mong iglesia, gaano man karaming' Aba Ginoong Maria' ang dasalin mo, o gaano man karaming pagpapala ang matanggap mo mula sa tao, kailangan kang isilang na muli ng Espiritu ng Diyos.Iyon ang tanging magbibigay ng kasiyahan sa puso ng tao."

A — Alam kong may panghalili sila ngayon sa pagkasilang na muli, ang makipagkamay ka lang sa mangangaral at ipalista ang pangalan mo sa aklat. Ngunit, mga kaibigan, isa iyang dogma. Hindiiyan Katotohanan ng Biblia. Kung katotohanan iyan, ganito dapat ang mababasa saika-2 kabanata ng mga Gawa ng mga Apostol: "Nang dumating nga ang mga araw ng Pentecostes, lumabas ang pastor at nakipagkamay sa mga tao."

Subalit ang sabi: "Nangdumating nga ang araw ng Pentecostes (sa pasimula ng iglesia), biglang dumatingmula sa Langit ang ugong na gaya ng isang humahagibis na malakas na hangin, at pinuno ang buong bahay na kanilang kinauupuan!" Ganoon dumating ang Espiritu Santo sa unang pagkakataon; ganoon Iyon dumating sa tuwina magmula noon. DiyosSiya at hindi Siya nagbabago. Ngayon, kinatitisuran ito ng mga tao.

Ang sabi nila, "Para iyon sa ibang panahon."

27 Buweno, Siya'y tulad pa rin kahapon, ngayon, at magpakailan man. Sa bawat pagkakataon na natanggap ng iglesia ang Espiritu Santo, sa tuwina ay dumarating Siyang katulad noong una, sa ilalim ng dati pa ring reseta: ang Mga Gawa 2:38ay hindi nagbabago; hindi ito kailan man magbabago.

Katulad ng reseta ng isang duktor, susulat siya ng preskripsyon para sa isang karamdaman (ang duktor), pagkatapos ay dadalhin mo ito sa isang huwad na parmasyotiko, at sosobrahan niya ang lagay ng pangontra, magiging napakahina nito na wala itong magagawangbuti sa iyo. Kapag nilagyan niya ito ng sobrang lason, ikamamatay mo pa nga. Kailangang maisulat ito ayon sa pagkarereseta ng duktor.

At ang reseta ng duktor kung paanong matatanggap ang Espiritu Santo ay ibinigay sa atin ni Dr. Simon Pedro noong araw ng Pentecostes! Bibigyan kokayo ng reseta: "Mangagsisi kayo at mangangbautismo ang bawat isa sa inyo sa Pangalan ni Jesus Cristo sa ikapagpatawad ng inyong mga kasalanan, at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo, sapagkat ang reseta ay sakanila na nangasa malayo at maging ilan man ang tawagin ng Panginoon nating Diyos!" Ang eternal na reseta.

28 Naranasan din ito ni Moises. Nagtungo siya sa bayan at sinimulan niyang sabihinsa mga tao, "May nakatagpo akong isang Haliging Apoy. Nasa isang nagliliyab napalumpong, at sinabi Niya sa akin, "AKO SI AKO NGA. 'Yumaon ka; sasaiyo Ako.Dalhin mo ang tungkod sa iyong kamay at itaas mo ito sa buong Egipto; anumang hilingin mo ay magaganap.'

" Buweno, maaaring sabihin ngilang saserdote, "Walang kabuluhan iyan."

Ngunit nang masaksihan nilang nangyari angtunay na katotohanan, hindi na nila mapigil iyon. Nalaman nilang isinugo siyang Diyos.

At kung sinabi ni Moises nanakita niya iyon at pinatotohanan niyang totoo iyon, kung gayo'y obligado angDiyos, kung totoo nga iyon, na ipakilala at ibindika na katotohanan ang salitang lalaking iyon! Totoo iyon.

Kung nagawa ni Jesus Cristona tumayo at bumasa sa araw na iyon, "Ngayo'y nagaganap ang Salitang ito sainyong harapan," obligado ang Diyos na tuparin ang Salitang iyon!

Nakatayo tayo rito ngayong gabi at sinasabi nating si Jesus Cristo ay Siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Obligado ang Diyos na patunayang totoo iyon, sapagkat Salita Niya Iyon.Ngayon, ano'ng ginagawa nito? Nangangailangan ito ng pananampalataya at pagsampalataya sa Kaniya. Nangangailangan ito ng pananampalataya at paniniwalasa Kaniyang Salita na Iyon nga ang Katotohanan.

29 Pansinin kung ano'ng nangyari nang ilabas ni Moises ang mga anak at lahat ng mga nagsisunod kay Moises, nang makalabas silasa Dagat na Pula at maparoon sa ilang, nanaog ang Diyos sa Bundok ng Sanai.Pinagliyab ng Haliging Apoy ang buong bundok at may Tinig na nangusap mularoon, at ipinagkaloob ng Diyos ang Sampung Utos.

Dapat sana'y lumapit si Moises doon sa harapan ng bayan at magsabing, "Sa araw na ito ang Kasulatangito na sinalita ko sa inyo bilang Kaniyang propeta ay naganap. Sa araw na ito,sinabi ko sa inyo na kinatagpo ako ng Diyos doon sa isang nagliliyab na palumpong sa isang Haliging Apoy, at sinabi Niya, 'Ang lahat ng ito . . . Ito'y magiging tanda. Ibalik mong muli ang bayan sa dakong ito.' At hayun ang Diyossa Haliging Apoy na iyon na sinabi ko sa inyong kinaroroonan Niya, doon saibabaw ng bundok. Sa araw na ito ay ganap na ang hulang ito. Naririto Siya upang ibindika ang mga bagay na sinabi kong pawang Katotohanan."

Bigyan nawa tayo ng Diyos ng marami panglalaking tulad niya na tapat at sinsero at nagsasabi ng Katotohanan, namagagawang ibindika ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat, na nananatiling Katotohanan ang Kaniyang Salita. Gayon pa rin Siya kahapon, ngayon, at magpakailan man. Bakit hindi Niya gagawin iyon? Ipinangako Niyang gagawin Niya iyon.

30 Maaaring iyon din ang sinasabi ni Josue, noong araw na magbalik siya sa Kadesh-Barnea kung saa'y nakarating sila sa paglalakbay nila sa ilang. Nag-aalinglangan sila na ang lupain ay gaya nga talaga ng sinabi ng Diyos, ngunit sinabi sa kanila ng Diyos na isa iyong mabuting lupain; dinadaluyan iyon ng gatas at pulot. At si Josue at Caleb lang ang dadalawang sumampalataya sa sampung nagsialis. Nang magbalik sila, taglay nila ang katunayan; may dala silang isang bungkos na ubas na kailangang pasaninng dalawang matipunong lalaki.

Dapat sana'y tumayo roon sina Josue at Calebat kanilang sinabi, "Sa araw na ito ay ganap na ang Kasulatang ito. Narito ang katunayan na isa iyong mainam na lupain." Oo nga. Bakit? "Naroon ang katunayan na mainam ang lupaing iyon. Saan ka makakakuha ng gayong mga bagay sa Egipto? "Walang gayong lugar doon. "Ngunit sa araw na ito ay ganap na ang Kasulatang ito."

Dapat sana'y sinabi niya ang bagay na iyon —ganoon din nang ihula niya at sabihing magigiba ang mga pader ng Jerico matapos silang magmartsa nang pitong beses sa paligid nito — pitong araw, pitong besessa isang araw. At nang magmartsa sila paikot sa huling pagkakataon, nagiba angmga pader. Dapat sana'y tumindig si Josue at nagsabi, "Ngayon, sinabi sa akinng Prinsipe ng hukbo ng Panginoon ilang linggo na ang nakararaan na ganito angmangyayari, sa araw na ito'y nagaganap ang Kasulatang ito. Naroo't nangabuwal nga ang mga pader sa lupa. Tayo na't kubkubin na natin; sa atin iyon."

Sa araw na ito ay nagaganap ang Kasulatang ito. Kahanga-hanga, nanindigan ang mga lalaki ng Diyos para sa mga bagay natama.

31 Ang bayan ng Israel, nang kubkubin nila ang lupain, kinailangan nilang tumawid sa ilog. Paano nilang magagawa iyon? Buwanng Abril noon; dumarating ang baha, dahil natutunaw ang yelo doon sa Judea. Oh,tila napakahinang heneral ng Diyos na dadalhin Niya roon ang Kaniyang bayan sabuwan ng Abril kung kailan pinakamataas ang tubig sa ilog Jordan. Magkaminsan ... Maaaring huminto ako rito kung may oras pa upang bigyan kayo ng kaunting payo. Magkaminsan maaaring nakaupo kayo riyan at may sakit na cancer o di kaya'ynakaupo riyan at mayroon kang karamdaman. Iniisip mo, "Bakit, ako pa na isang Cristiano ang nagkaganito? Bakit ako nagkaganito kung isa akong Cristiano? "Magkaminsan pinahihintulutan ng Diyos na magdilim nang husto ang mga bagay-bagay at hindi mo na makita ang itaas, ang paligid, o ang iba pang lugar, pagkatapos ay darating Siya at gagawa ng daan para ka makalabas, upang magawa mong sabihin, "Sa araw na ito ay nagaganap ang Kasulatang ito na Kaniyang ipinangako."

32 Hinayaan Niyang lumakad ang mga anak na Hebreo papasok sa nagniningas ng pugon. Ang sabi nila, "Kaya ng aming Diyos na iligtas kami sa nagniningas na pugong ito, ngunit magkagayon man, hindi kami yuyukod sa inyong imahen." Nang lumabas sila roon na nangangamoy pugon — hindi pala nangamoy pugon, magagawa nilang sabihin, "Sa araw na ito ay ganap na ang Kasulatangito!"

Nang manggaling si Daniel sa kulungan ng mga leon, maaari rin niyang sabihin ang gayon.

Si Juan Bautista, matapos angapat na raang taon ng eklesistikal na pagtuturo . . . Hindi kataka-takang napakagulo ng iglesiang iyon noon. Nang lumabas siya sa ilang, sa Jordan,maaari sana siyang tumayo doon sa pangpang, gaya ng ginagawa niya at magsabi,"Sa araw na ito ay ganap na ang Kasulatang ito!(Isaias 40)"

33 Maaari akong huminto rito at sabihin sa inyokung ano ang sinabi sa akin ng matandang pari. Ang sabi niya, "Anak, hindi motinapos ang mensaheng iyon."

Ang sabi ko, "Manahimik ka."

Ang sabi niya, "Ibig mong sabihinhindi iyon nakikita ng mga Pantecostal?"

Ang sabi ko, "Hindi."

Ang sabi niya, "Nakikita koiyon." At isa siyang paring Catolico. Ang sabi niya, "Bakit hindi mo itinuloy?"

Ang sabi ko, "Manahimik ka."

Ang sabi niya, "Luwalhati sa Diyos, nakikitako iyon."

At sa oras ding iyon bumaba ang Espiritu Santosa kaniyang kapatid na babae na nakaupo roon sa gawain, at tumayo siyang nagsasalita sa hindi kilalang wika at ibinigay ang paliwanag sa paksang pinag-uusapan namin ng paring iyon sa plataporma. Ang buong iglesia, ang buonglugar na iyon ay umugong. Nadala iyon hanggang sa kumbensiyon ni Oral Roberts noong nakaraang linggo, o noong isa pang linggo, at naging usap-usapan ng kumbensiyong iyon. Paanong ang paring iyon na nakaupo sa ilalim ng . . .Hinayag doon ng Espiritu Santo sa pamamagitan ng isang babae (kapatid niyaiyon, sa paniwala ko) kung ano'ng nagaganap doon sa plataporma at inihayag ang bagay na inililihim namin!

Ang oras na kinabubuhayan natin, sa araw naito'y nagaganap ang Kasulatang ito! Sa araw na ito dumating na ang mga panggabing liwanag, at hindi natin iyon nakikita. Pansinin,

34 Ang sabi ni Juan, "Sa araw naito, ako ang tinig niyaong isang sumisigaw sa ilang, katulad ng sinabi ni Propeta Isaias. Ihanda mo ang daan ng Panginoon!"

Hindi nila iyon naintindihan; ang sabi, "Oh,ikaw si Jesus —" ikaw ang Cristo," pala.

Ang sabi niya, "Hindi ako angCristo." Wika pa niya, "Hindi ako karapat-dapat na magkalag ng Kaniyang pangyapak, ngunit," ang sabi niya, "Nakatayo Siya sa kalangitnaan ninyo!"Sapagkat tiyak na mapaparoon siya. Mapaparoon siya sa kaniyang kaarawan' pagkatsinabi sa kaniya ng Diyos ng siya ang magpapakilala sa Mesias.

Isang araw ay may Binatang dumaan doon, at nakita niya ang isang — tulad sa isang Liwanag sa ulunan Niya (isang Tanda), at sumigaw siya, "Narito, ang Kordero ng Diyos. Sa araw na ito ay natutupad ang Kasulatang ito sa inyong harapan!"

Tiyak nga,

35 noong araw ng Pentecostes, kung paanong tumayosi Pedro at sinipi ang Kasulatan ng Joel 2:38, habang nagtatawanang lahat ang mga taong iyon. Hindi sila makapagsalita sa sarili nilang wika; kakaiba

ang lumalabas na tunog sa kanilang mga bibig. Ang sabi ng Biblia ay "Cloventongues." Ang cloven ay biniyak na dila, walang sinasabi, kung anu-ano ang pinagsasabi, nagtatakbong parang mga lasing.

At ang sabi ang lahat, "Buweno lasing ang mgataong ito; tingnan ninyo sila. Tingnan n'yo kung paano sila kumilos, kung paanong ang mga babae at lalaki ay . . . Wala sila sa kaayusan," ang sabi ngrelihiyosong grupo ng araw na iyon.

Tumayo si Pedro sa kalagitnaan nila, at nagsabi, "Mga kalalakihan at mga kapatid, kayong nananahansa Jerusalem at kayong nananahan sa Judea, mangaalaman nawa ninyo na hindi lasing ang mga ito, gaya ng inaakala ninyo. Yamang ikatlong oras pa lamang ngaraw, datapuwa't ito yaong sinalita sa pamamagitan ni propeta Joel: 'Atmangyayari sa huling araw, na ibubuhos Ko ang Aking Espiritu sa lahat ng laman.' Sa araw na ito ay nagaganap ang Kasulatang ito." Tiyak na tiyak.

36 Tamang-tama sa oras ang pagdating ni Luther. Tamang-tama sa oras ang pagdating ni Wesley. Tamang-tama sa oras ang pagdating ng Penticostes. Walang nawawala sa kaayusan.

Ngayon, hinihiling ko sa inyona pakalimiin ninyo ang kapanahunan at oras na kinabubuhayan natin sampu ng ipinangakong Salita para sa araw na ito. Kung nagawang sabihin ng mga tao samga nakaraang kapanahunan na, "Sa araw na ito ang Kasulatan ito . . . Ngayon ang Kasulatang ito. . ." kung gayo'y paano naman ang Kasulatan para sa araw naito? Ano'ng ipinangako para sa araw na ito? Saan na tayo nakatayo? Ano'ng orasna ba itong kinabubuhayan natin, kung kailan ang orasan ng siyensiya ay nasatat long minuto na lang bago maghating-gabi?

Nininiyerbyos na ang sanlibutan; ang iglesia ay nasa papag ng kabulukan. Hindi na alam ng mga tao kung saan sila nakatayo. Anong oras na ng araw ito? Paano naman ang Kasulatan para sa araw na ito? Ang kalgayan ngiglesia — ang kalagayan ng iglesia ngayon . . .

37 Sa mundo, sa pulitika, ang sistema ng ating sanlibutan ay bulok na bulok na. Hindi ako pulitiko; Cristiano ako, ngunit hindi ako dapat nangungusap tungkol sa pulitika, ngunit nais ko lang sabihin na bulok na ang magkabilang panig.

Minsan lang ako bumoto, iyon ay kay Cristo.Tiyak ang panalo ko. Bumoto ang diablo laban sa akin, at si Cristo nama'y bumoto para sa akin. Depende iyon kung saan ko ibibigay ang boto ko. Nagagalak ako na ibinigay ko iyon sa Kaniya. Sabihin na ng mundo ang gusto nitong sabihin; magpakailan man. Patutunayan Niya iyon. Tiyak nga. Tiyak na tiyak.

Ang pagtaas ng krimen, ang pagkaraniwan ng mga kabanata . . .

Tingnan n'yo ang ating bansa, dati itong bulaklak ng mundo. Ang ating dakilang demokrasya ay isinilang noon at — ang Deklarasyon ng Kalayaan — at nilagdaan noon ang Demokrasya ng Kalayaan, at nagkaroon tayo ng demokrasya, at naroon din ang ating mga dakilang ninuno sampu ng mga bagay na ginawa nila. Dating dakila ang ating bansa;

Ngunit ngayon ay nabubulok nasiya at gumuguho na at umuuga na at bumibigay na at sinusubukang buwisan ang mga tao para makakuha ng perang ipadadala roon upang bilhin ang pakikipagkaibigan sa ating kaaway. Ipinupukol nila ito sa ating mga mukha. Unang digmaang pandaigdig, Ikalawang digmaang pandaigdig, at patuloy tayo sa pagsulong sa pangatlo. Tiyak na tiyak. Ang pulitika ay bulok na, napakarumi, nabulok nang lubusan, katulad na katulad ng sinabi ng Mateo 24: "Magsitindig ang bansa laban sa bansa, ang kaharian ay laban sa kaharian." Lahat ng mga bagay na ito ay magaganap. Pag-isipan natin ito ngayon. Sige,

38 Pansinin natin ang isa pa: ang paglago ng siyentipikong pananaliksik. Ngayon,dati . . . Sumasakay noon ang lolo ko sa isang kariton para bisitahin ang lola ko. Ngayon, jet plane na o kaya'y pumapailanlang pa nga sa panlabas nakalawakan. Dakila ito. Kung paanong . . . Sino ang nagsabi nito? Sinabi ng Daniel12:4 na ang kaalaman ay lalago sa huling mga araw. Nakikita natin ang oras nakinabubuhayan natin. Pansinin ngayon ang — ang kalagayan ng siyensiya.

At pansinin n'yo rin ngayon ang sistema ngating edukasyon; ngayon huwag n'yong sabukang itanggi ito; nasa akin ang mga artikulo ng pahayagan: ang pagtuturo ng sex sa ating simbahan — sa mga paaralan, sa ating mga kabataang mag-aaral na magkaroon ng relasyong sexual sa isa't isa upang malaman kung kaya nilang makipagtalik sa mundong ito. Siyangapo.

Kumusta naman ang ating kaparian? Sa gabing ito ay kumuha ako ng isang sulatin mula sa pahayagan sa LosAngeles, California, kung saan may grupo ng mga ministro (Mga ministrong Baptist at Prebyterian) na nagdala sila ng isang grupo ng mga bakla at gumagawang mga gawang homoseksuwal, at ang sabi'y sinisikap nilang maakay sila ng Diyos, samantalang iyan ay isa sa mga sumpa ng panahon: ang isang Sodomita. At pinahuhuli pa nga sila noon ng batas.

39 Ngayon, nasaan na tayo? Nabulok na ang buong sistema natin sa ating paanan. Nakita kong dumami

ng dalawampu o tatlumpong porsiyento ang mga bakla sa buong Estados Unidos sa nakaraang isang taon. Isipin ninyo iyon: mga lalaking nakikisama sa kapuwa nila lalaki, katulad ng ginawa nila doon sa Sodoma.

Dumami ang krimen, ang pagkariwara ng mga kabataan, anong panahon na ang kinabubuhayan natin? Sa arawna ito ay natutupad na ang Salita ng hulang ito.

Ang daigdig ng relihiyon, ang iglesia mismo, ang iglesia, ang iglesiang tinawag palabas (ang tinatawag nating iglesiang tinawag palabas), ang huling kapanahunan ng iglesia, ang Pentecostal na kapanahunan ng iglesia, nasaan iyon? Iyo'y nasa Laodicea na katulad ng sabing Kasulatan.

Ngayo'y naging maluwag nasila. Kalahati na lang kung mag damit ang kanilang kababaihan; ang kalalakihan nila ay . . . kahindik-hindik ito! Ang ilan sa kanila'y tatlo o apat na beses nang nag-asawa, pero nasa lupon pa rin ng mga diyakuno at lahat ng iba pa. Nagluwag sila at pinapapasok nila ang kabulukan, sapagkat nagsiupo sila sa mga konseho at pumanig sa sanlibutan.

At ngayon, mas maganda ang mga gusali nila kaysa dati. Sa isang lugar, ang isa sa kanila ay nagtatayo ng isang bulwagan na nakakahalaga ng limampung milyong dolyar: limampung milyong dolyar: mga Pentecostal na dati-rati'y nasa isang sulok lang at nagpapatunog ngtambourine dalawampu't limang taon na ang nakararaan. Ang sabi nila, "Kami'y .. .

Sapagkat . . ." Sinabi ng Kasulatan sa Apocalipsis 3 na ikaw ay mayaman. Ang sabi, "Ako'y mayaman; nauupoakong tulad sa isang reyna; wala akong anumang kailangan." "At hindi mo nalalaman na ikaw ay aba, maralita, dukha, hubad, bulag, at hindi mo itonalalaman."

Sa araw na ito ay natutupad na ang Kasulatang ito sa inyong paningin. Amen. Ang amen ay nangangahulugang "mangyari nawa ito."Hindi ako nag-aamen sa aking sarili, ngunit ang ibig kong sabihin ay naniniwala akong totoo iyan. Sa araw na ito'y natutupad na ang Kasulatang ito.

40 Ang iglesiang Pentecostal ay nasa kalagayang Laodicea. Oh, tumatalon pa rinsila at sumisigaw at nagwawala kapag tumutugtog ang musika. Kapag huminto angtugtog ng musika, o ng tunog-beatnik na tinutugtog ng ilan sa kanila at tinatawag itong pang-Cristiano, at sa sandaling huminto iyon, ay wala na rinlahat ang kaluwalhatian.

Kung iyan ang tunay na papurisa Diyos, walang sapat na pito at sapat na kapangyarihan sa mundo ang makapagpapahinto niyan. Kung galing talaga iyan sa Diyos, hindi na kailanganang tugtog upang pasiglahin iyan; ang kailangan ay ang pagpanaog ng Espiritu ngDiyos, iyon ang nagpapasigla.

At matagal na nilang nalimutan iyon, sapagkat itinuring nilang panimulang ebidensiya ng kaloob ng Espititu Santo ang pagsasalita sa iba't-ibang wika; at nakarining na ako ng mgademonyo at mga mangkukulam na nagsasalita sa iba't-ibang wika.

Ang Espiritu Santo ay ang Salita ng Diyos na nasa inyo na nagpapakilala sa Kaniyang Sarili sa pamamagitanng pagtanggap sa Salitang iyon. Sa labas nito ay hindi maaaring maging EspirituSanto iyan. Kung sasabihing Espiritu Santo 'yan samantalang tumatanggi sa maskiisang Salita lang ng Biblia, hindi iyan maaaring Espiritu Santo. Iyan ang ebidensiya kung totoong sumasampalataya ka o hindi.

41 Pansinin, ang isa pangdakilang tanda. Ang mga Judio ay naroroon na sa kanilang lupang tinubuan, sasarili nilang bansa, may sarili na silang pananalapi, at kasapi na ng Nagkakaisang Mga Bansa; may sarili na silang hukbong sandatahan; mayroon na sila ng lahat. Naroon na sila sa kanilang lupain tinubuan na sinabi ni Jesus,"Pagaralan ninyo ang isang talinhaga ng puno ng igos." Naroon na sila, nagbaliksa kanilang sariling bansa. Sa araw na ito ay natutupad na ang Kasulatang ito. Ang mga Judio ay naroon na sa kanilang lupang tinubuan,

Sa araw na ito ay ganap naang Kasulatang ito. Ang kapanahunan ng iglesiang Laodicea,

Ngayo'y ganap na ang Kasulatang ito (Mateo 24). Ang mundo'y nasa kabulukan na (ang kabuuan nito),ang mga bansa'y laban sa isa't-isa, may lindol sa iba't-ibang dako, nananaog ang malaking buhawi, inuuga ang mga bansa at iba pa, may malalaking kapinsalaan sa lahat ng dako: sa araw na ito ay ganap na ang Kasultang ito.

42 Ngayon, nakikita natin ang kalagayan ng mundo. Nakikita natin kung saan na naroon ang iglesiang nominal —ang organisasyon, at mga denominasyon. Nakikita natin kung ano ang lagay ng mgabansa. At nakikita natin sa araw na ito ay natutupad na ang mga pangitaing ito.

Ngayon. Ngunit sa araw na itoay may nakatakdang dumating na isang super, Makaharing Binhi ni Abraham. Magkakagayon nga iyon talaga, magiging isa itong Makaharing Nobya para samakaharing ipinangakong Anak. Katulad ng ipinangako ko kagabi, magiging isangnatural na binhi ito; isa itong espiritwal na Binhi. May nakatakdang lumitaw na espirituwal na Nobya, na siyang magiging Makaharing Binhi ng makaharing pananampalataya ng Makaharing Anak ni Abraham. Nakatakda Siyang dumating

satagpo sa huling araw, at ang panahon at lugar ay isang pangakong ipinagkaloob sa Kaniya.

Ayon sa Malakias 4 (saKasulatan) may isang Mensaheng nakatakdang lumitaw na siyang gigising sa pusong mga tao upang magbalik sa pananampalataya ng mga magulang na apostol. Mayisang nakatakdang lumitaw sa tagpo na magtataglay ng kapangyarihan ni Elias, lilitaw siya; isang lalaking taga-ilang na lalabas at magdadala ng isang Mensahe ng magiging tugmang-tugma muli sa Salita. Iyan ang oras na kinabibilangan natin.

43 Pagkatapos ay pakaisipin n'yo. Ngayon, hinihiling ko sa oras na ito sa mga taong naririto sa Jeffersonville, noong 1933 nang manaog ang Sobrenatural na Liwanag doon sa ilog noong araw na magbautismo ako ng limang daan katao sa Pangalan ni Jesus Cristo(Mga dalawatpu't isang taong gulang ako noon.), anong sinabi Nito, Jefffersonville? Ano yaong nasa paanan ng Spring Street, nang ilathala ng"Courier Journal" ( Wari ko'y ang "Louisville Herald" yata iyon.) ang sulatingiyon, at nakarating iyon sa Associated Press, hanggang sa Canada. Ginupit iyon ni Dr. Lee Vayle sa pahayagan doon sa Canada noong 1933.

Nang bautismuhan ko ang ikalabingpitong tao sa ilalim ng Saksing ito (at alam ninyo ang buong kuwento),nang nakatayo ako roon habang binabautismuhan ko ang ikalabingpitong taongiyon, may Liwanag na bumaba mula sa Langit, nagliwanag iyon sa ulunan namintulad sa isang tala na nahulog mula sa langit. Isang Tinig ang nagsabi, "Kung papaanong isinugo si Juan Bautista upang ihanda ang unang pagdating ni Cristo,ang Mensahe mo ang maghahanda sa Kaniyang ikalawang pagdating sa buong mundo."Sa araw na ito'y ganap na ang Kasulatang ito.

44 Salamat Po, Panginoon.

Sa araw na ito . . . Ipinangako iyon ng Diyos. Ano'ng nangyari? Sa araw na ito'y nakaikot na Ito sa buong mundo.

At nang bumaba roon ang Diyos at sinabiiyon (nang ako'y bata pa) sa nagliliyab na palumpong o doon sa isang palumpong na nagliliyab sa pamamagitan ng isang Haliging Apoy — dito sa Wathen's place sa Utica Pike, nang ako'y nag-iigib ng tubig mula roon sa kamalig patungo sa isang pagawaan ng alak. Alam ninyo ang katotohanan nito. Ang sabi Niya, "Kailan manay huwag na huwag kang maninigarilyo, o iinom, o huwag mong dudungisan ang iyong katawan, sapagkat may gagampanan kang gawain sa iyong paggulang. "Pinatototohanan kong iyan ay Totoong nakita ko. At ang Diyos, katulad ng ginawa Niya kay Moises, ay nangusap doon sa harapan ng kongregasyon at nagsabi, "Ito ang katotohanan."

Sa araw na ito'y ganap na ang Kasulatang ito sa ating kalagitnaan.

Masdan n'yo kung ano'ng sinabi Niya tungkol sadiscernment at kung paano iyong magaganap, mula sa pagpapatong sa kanila ngkamay hanggang sa pagkaalam ng haka ng puso. Sa araw na ito ay ganap na ang Kasulatang ito sa inyong paningin.

45 Ang mga pangakong ito naipinangako.

Pansinin, lahat ng mga pangakong ito ay binindika at tinupad ng Diyos na Siyang Nangako. Tingnan n'yo, nakasabit sa Washington D.C. ngayong gabi, ang larawan ng Anghel ng Panginoon.

Samantala, sinuri iyon sa Houston, Texas ni George J. Lacy, ang pinuno ng "F.B.I. fingerprint and document" para sa Pamahalaan ng Estados Unidos, at ang sabi niya, "Ito lang ang tanging Sobrenatural na Persona nakunan ng litrato sa buong mundo." Alam niya;siya ang pinakamahusay na tao sa buong mundo sa larangan iyon.

Pansinin n'yo, nakasabit Iyon doon bilang Katotohanan, ang siya ring Haliging Apoy na nanguna sa Israel doon sa ilang. Nakikita natin Iyong muli sa araw na ito, ang katulad ng mensaheng"Lumabas kayo sa Egipto . . . ? . . ." Sa araw na ito ay ganap na ang Kasulatang ito. Nalalaman ninyo ang Mensaheng ipinangusap Niya.

46 Tingnan ninyo ang pangitain tungkol sa Tucson tatlong taon na ang nakaraan. Noong nakatayo ako roon sa daanan, limang taon na ang nakararaan bago pa iyon ay sinasabi Niya, "Sa arawna magbaon ang siyudad ng tulos sa harapan ng pintuang iyan, magtungo ka na sa kanluran." Ang mga kasama kong taga-tabernakulo na naririto, alam nilang iyonay — noong panahong iyon. Tama.

At noong araw na iyon kungsaa'y naroroon sina Mr. Goyne at iba pa at binaon nila ang utos na iyon, sinabiko sa maybahay ko, "May ibig sabihin ito."

Ang sabi niya,

"Ano ba iyon?"

At pumasok ako at tiningnan ko ang aking maliit na aklat; naroon iyon.

At kinaumagahan, mgaika-sampu, nakatayo ako sa loob ng aking silid, mga bandang ika-sampu nang manaog ang Anghel ng Panginoon at nagsabi,"Magtungo ka sa Tucson. Ika'ymapapasa hilagang silangan ng Tucson at may darating na pitong mga Anghel na magkakakumpol na yayanig sa buong paligid mo." At ang sabi pa, "Ika'y pasasabihan mula sa pagkakatong iyon."

Ilan sa inyo ang nakaaalala no'n dito, matagal na panahon bago pa iyon mangyari? May mga lalaking nakaupo ngayon dito sa gusaling ito ngayong gabi na nakatayo roon nang mangyari iyon,

At sinasabing ang Pitong mgaTatak ng mga nakatagong hiwaga ng buong Biblia ay mabubukasan at matutupad ang Apocalipsis 10, na sa Mensahe ng Ikapitong Anghel ang mga bagay na ito ay matutupad. Sa araw na ito ay ganap na ang Kasulatang ito sa inyong paningin. Sa araw na ito ay ganap na ang Kasulatang ito.

47 Noong nakaraang taon nakatayokami sa lugar ding iyon (Si G. Wood at ako), paakyat kami sa burol sa — medyo malungkot kami dahil sa pagkakasakit ng kaniyang maybahay, nang mangusap angEspiritu Santo, "Dumampot ka ng isang bato sa lupa; ibato mo sa hangin; paglapag nito sa lupa ay sabihin mo, 'ITO ANG SABI NG PANGINOON, may paghuhukomna hahampas sa lupa. Sabihin mo sa kaniya na makikita niya ang kamay ng Diyos sa susunod na ilang oras."'

Sinabi ko iyon kay G. Wood (na naririto ngayong gabi) at wari ko'y sa walo o sampu sa mga lalaking — o sa labinlimang iba pa na naroroon sa pagkakataong iyon, nang maganap iyon kinabukasan ng umaga, kung saa'y nanaog ang Panginoon sa isang ipu-ipo atnatapyas ang kabundukan sa paligid namin, at tinagpas niyon ang tuktok ng mgapuno, at lumikha iyon ng tatlong malalakas na pagsabog at nagsabi,"May daratingna paghuhukom sa kanlurang baybayin."

Makaraang ang dalawang araway halos lumubog ang Alaska sa ilalim ng lupa. At magmula noon ang paghuhukom ng Diyos ay lagi nang bumubuga sa kahabaan ng baybayin iyon laban sa espiritwal na tabing na iyon. May Bakal na Tabing;may Kawayang Tabing, at may Tabing ng Kasalanan!

48 Ang kabihasnan ay sumasabay sa direksyong tinatahak ng araw; gayundin naman ang Ebanghelyo. Galing sasilangan, nagtungo ito sa kanluran tulad ng araw, at ngayon ito'y nasakanlurang baybayin na. Hindi na ito maaaring magtuloy pa; kapag nagtuloy paito, babalik na ito sa silangan.

Ang sabi ng propeta, "Maydarating na araw na hindi mo matatawag na gabi o araw," isang makulimlim naaraw, maulan at mahamog, sapat, lamang upang — upang malaman mo kung paanongsumapi sa isang iglesia o magpalista ng iyong pangalan sa aklat. Ngunit magliliwanag sa bandang gabi. Sa araw na ito'y ganap na ang Kasulatang ito!

Ang araw — ang s-u-n nasumisikit sa silangan ay siya ring s-u-n na lumulubog sa kanluran. At ang S-o-nng Diyos na dumating sa silangan at binindika ang Sarili Niya bilang Diyos nanahayag sa laman ay Siya ring S-o-n ng Diyos dito sa bahaging Kanluran ngmundo, na nagpapakita sa Kaniyang Sarili sa kalagitnaan ng iglesia ngayonggabi, tulad pa rin kahapon, ngayon, at magpakailan man. Ang panggabing Liwanagng Anak ay dumating na. Sa araw na ito ay ganap na ang Kasulatang ito sa ating harapan.

49 Nasaan na tayo dito sa kapanahunang ito ni Abraham? Nasaan na tayo sa dakilang panahong ito nakinatatayuan natin? Lahat ng mga pangitain ay nagaganap na.

Paano naman nang sumagsag dito isang gabi (naroon ako) ang kaibigan nating ministro, ng isa sa mga iglesiang kasamahan natin (si Junior Jackson), at ang sabi niya, "May napanaginipan ako, Brother Branham, at binabagabag ako nito. Nakita kong nagkatipong lahat ng mga kapatiran sa isang burol." At ang sabi pa, "Sa burolna iyon ay tinuturuan mo kami tungkol sa mga titik na nakasulat, parang mgatitik iyon na inukit sa bato. Nang matapos ka — nang matapos ang lahat ng iyon,ang sabi mo sa amin, 'Magsilapit kayo,' at nagsilapit kaming lahat."

Ang sabi niya, "Parang may inabot ka at may kinuha kang parang isang bareta at hinataw mo ang tuktok ng munting piramideng ito at nabuksan ito. At nang magkagayon," ang sabi, "isaiyong granitong bato na walang nakasulat na anuman. At sinabihan mo kaming tumingin dito. At lahat kami ay nagsimulang tumingin." Ang sabi, "Lumingon ako,at napansin kong humahangos ka patungo sa kanluran sa direksiyon ng paglubog ngaraw." Ilan ba ang nakaaalala no'n?

50 At sumandali akong tumayoroon hanggang sa ihayag sa akin iyon ng Espiritu Santo. Ang sabi ko, "Ang buongBiblia, bagama't marami nang naihayag sa mga tao sa pag-aaring ganap, pagpapakabanal, sa bautismo ng Espiritu Santo, ang bautismo sa pangalan ni Jesus, at lahat ng mga bagay na ito na naihayag na, subalit may mga lihim paring nakakubli, sapagkat ang Biblia'y natatatakan ng Pitong Tatak. Kailangankong magtungo roon upang matagpuan iyon."

Nang umagang nanaog ang pitong Anghel at nagkaroon ng malakas na pagsabog sa lupa at sumambulat ang mgabato sa lahat ng direksiyon, tumayo roon ang pitong Anghel at nagsabi, "Magbalik ka sa Jeffersonville kung saan ka nanggaling, sapagkat ang PitongTatak ng Pitong Hiwaga ay

mabubuksan na."

Naririto tayo ngayon, nauunawaan natin ang binhi ng Serpente; sa loob ng ilang araw, kung loloobin ngDiyos, mauunawaan natin ang pagiging wasto ng kasal at Diborsiyo at lahat ngmga bagay na ito na binuksan ng Diyos, bawat Tatak, ang mga hiwaga, mula panang itatag ang sanlibutan, at nasi — nasisisyahan tayo sa Presensiya ng Kaniyang mga pagpapala. Totoo iyon. Sa araw na ito ang Kasulatang ito . . .

51 Ang Life Magazine ay naglathala ng isang sulatin tungkol dito, "Pumailanlang ang isang mahiwagang pabilog na liwanag sa itaas ng Tucson at Pheonix," katulad ng sinabi ko sa inyo halos isang taon bago iyon maganap, kung paanong iyon ay naghuhugis tatsulok. Nakasabit ang larawan doon sa simbahan namin. Sa inyo na nagsikuha ng magazine,mayroon kayo nito. Ganoong-ganoon nga iyon. Ang sabi nila dalawampu't pitong milya raw ang taas no'n at tatlumpung milya ang lawak. Hindi pa rin nila nauunawaan hanggang ngayon kung ano'ng nangyayari. Mahiwaga itong lumitaw at mahiwaga rin itong nawala.

At sina Brother Fred Sothmann, Brother Gene Norman, at ako ay nakatayo roon, tatlo kaming saksi,tulad din noon sa tutok ng bundok: naroon sina Pedro, Santiago, at Juan upang sumaksi; tumayo sila roon at nagmasid nang maganap iyon at nakita nila nang mangyari iyon!

Hayun iyon nakalutang doon sakalangitan nang napakataas kung saa'y walang kahit kaunting halumigmig, wala roong hamog, o anuman na maaaring maging dahilan ng pamumuo ng ulap. Paanong napunta iyon doon? Mga Anghel iyon ng Diyos na nagbalik matapos nilang ihatid ang mensahe. Sa araw na ito ay ganap na ang hulang ito sa kalagitnaan natin. Saaraw na ito ay ganap na ang Kasulatang ito. Masdan. Ang Pitong Tatak ay nabuksan na, umihip na ang mga ipuipo sa kanlurang baybayin. Ngayon, huwag sanang hindi n'yo ito makita katulad ng nangyari sa kanila.

52 Ngayon, higit nating pagtuunan ng pansin ang ating kaarawan ngayon. Ano'ng sinasabi ng Kasulatan tungkol sa araw na ito at tungkol sa panahong kinabubuhayan natin? Nangungusap si Jesus . . . Wala akong panahon upang talakaying lahat ito, ngunit nais kong talakayin ang isang ito bago tayo matapos.

Sinabi ni Jesus sa ika-17 kabanata ng San Lucas, sa ika-30 talata, si Jesus Cristo, ang Salita mismo (Naniniwala ba kayo roon?) — si Jesus Cristo, ang Salita mismo na naghayag salaman, ang nangusap, at nagsabi kung ano'ng kasasapitan ng Salita sa huling panahon, kung ano'ng magiging tanda ng katapusan ng sanlibutan. Sinabi Niya,"Kung paano ang naganap sa mga kaarawan ng Sodoma, magkakagayon din sa araw naang Anak ng tao ay maihahayag."

Ngayon, nang dumating si Jesus sa lupa, naparito Siya sa tatlong pangalan ng Anak: Anak ng tao (na isang propeta), Anak ng Diyos, at Anak ni David.

Ngayon, namuhay Siya rito salupa; Hindi Niya kailan man sinabing Siya ang Anak ng Diyos. Ang sabi Niya,"Ako ang Anak ng tao." Tinawag mismo ni Jehova na "Anak ng tao" si Ezekiel saaklat ng mga propeta, sapagkat kailangan Niyang dumating upang tuparin ang Kasulatan bilang isang propeta! Ang sabi ni Moises, "Palilitawin ng Panginoonn'yong Diyos ang isang propetang katulad ko." Iyan ang dahilan kung bakit hindi Siya maaaring maging Anak ng Diyos doon, sapagkat Siya noon ay Anak ng tao.Siya'y . . . Dumating ang Salita sa mga propeta at Siya ang Salita sa Kapuspusan Nito: Anak ng tao, ang pangunahing propeta, hindi pala ang pangunahing propeta, kundi ang Diyos na Propeta. Ang kapuspusan ng Pagkadiyos sa kahayagan ayon sa laman ay nasa Kaniya; samakatuwid, Siya ang Anak ng tao.

Ngayon sa loob ng dalawang libong taon, nakilala natin Siya bilang Anak ng Diyos, Espiritu.

At sa milenyum, Siya'ymagiging Anak ni David sa luklukan. Alam nating lahat iyon, tayong sumasampalataya sa Kasulatan.

53 Ngayon, sinabi ni Jesus na sa dulo ngkapanahunan ng iglesiang ito na kinabubuhayan natin, ang Anak ng tao ay muling maihahayag sa paraang katulad ng naganap sa Sodoma.

Masdan kung paano Niyang inilahad iyon ayon sa kaysaysayan. Ang sabi Niya, "Kung paano ang naganap samga kaarawan una, ni Noe, kung paanong sila'y nagsisikain, nagsisiinom, nagsisipag-asawa." Pagkatapos ay isinunod Niya iyon, sa katapusan, sa Anak ngtao sa Sodoma, 'pagkat doon ay sa mga Judio Siya nakikitungo. Dito sa Sodoma aysa mga Hentil naman Siya nakikitungo. Doon ay nilunod Niya silang lahat ngtubig sa paghuhukom. Dito naman ay ang mga Hentil; sinunog Niyang silang lahat noong kaarawan ng Sodoma. Tama; natupok doon ang daigdig ng Hentil. At magkakagayon din sa pagpapahayag ng Anak ng tao. Hindi na tubig, kundi apoy nasa pagkakataong ito. Sa Genesis 23 din bumasa si Jesus na siya ring binasa natin, nang basahin Niya ang tungkol sa Sodoma.

54 Ngayon, tinatanggap natin na ang kalagayang ipinangusap tungkol sa — sa kalagayang Sodoma ng sanlibutan, mga Sodomita, kalagayang Sodoma. Bawat isa sa atin ay makapagsasabi ng, "Amen" diyan; naniniwala tayo riyan. Mabuti,

At sa espirituwal na kalagayan ng Laodicea, ang iglesiang natural, makapagsasabi tayo ng "Amen"diyan, at matatanggap natin ang mga tanda nito. Alam natin na naroroon ang bawat tanda: angiglesia ay nasa Laodicea na; alam natin iyon.

Alam natin na ang mundo aynasa kalagayang Sodoma na. Tama ba? Tatanggapin natin iyan.

Ngunit paano naman ang tandani Abraham, yaong naghihintay sa ipinangakong anak? Iba naman iyon.

Alalahanin, naroroon angSodoma; naroroon ang mensahero. At naroroon ang Mensahero ni Abraham.

Naghihintay si Abraham araw-araw sa isang bagay na halos imposibleng mangyari: Si Sarah, siyamnapungtaong gulang na at siya naman ay sandaang taong gulang na. Ayon sa pangako ngDiyos, patuloy siya sa paghihintay. Sa gitna ng pamumula naghihintay siya saanak na iyon.

Gayundin, ang tunay namananampalataya ay patuloy na naghihintay sa pagbabalik ng Pangakong Anak naiyon.

Pansinin, bago dumating anganak, may isang tandang ibinigay sa kaniya. Hindi ba't ang tanda ng pagdating ng Anak na maihahayag sa Makaharing Binhi ni Abraham na naghihintay sa Makaharing Anak, ay katulad din ng ibinigay kay amang Abraham para sa kaniyang natural na anak? Tama ba? Ganito ang sinabi ni Jesus dito sa Lucas 17:30 nabago dumating ang oras na ito, ang Anak ng tao ay maihahayag katulad ng ginawa Niya sa mga kaarawan ng Sodoma, bago nawasak ang Sodoma. Ngayon, naghihintay tayo sa isang Tanda.

55 Ngayon, talakayin natin ang .. .? . . . ang mga kundisyon noon sa Sodoma. Pansinin, ang lahat ay nangyari samga taga-Sodoma, ang mundo.

Sa palagay ko isa sa mgadirektor ng pelikula ang nagpalabas ng isang pelikula hindi pa katagalan, at napanood ko iyon; ay ang Sodoma. Kung mapapanood n'yo iyon, at walang ibang ipalalabas kundi iyon lang, panoorin n'yo iyon. Totoong isang magandang larawaniyon ng Estados Unidos sa araw na ito — ang Hollywood, tamang-tama nga, iisaang uri ng pananamit at lahat ng iba pang ginawa nila noon, malakihang lasinganat lahat na — isang kultong relihiyon ng mga tao, naturingang relihiyon.

Pansinin na nagkaroon ng saksi ang Sodoma. At iyon ay isang lalaking nagngangalang Lot, na pamangkin ni— ni Abraham.

Ngayon, hindi nagtungo si Abraham sa Sodoma. Siya sampu ng kaniyang grupo — may malaking grupo siyangkasama, sapat upang gapiin ang isang dosenang hari sampu ng kanilang mga hukbo; kaya't malaki talaga ang kasama niyang pangkat. Nakaupo siya roon sa ilalim ngpuno ng encina isang araw nang para bang maling lahat ang nangyari sa buhayniya; ayaw siyang pakisamahan ninuman, subalit patuloy siyang nanghawakan sa pangakong iyon.

Masdan n'yong maigi, bago tayo magtapos.

Habang nakaupo siya roon, lumapit sa kaniya ang tatlong Lalaki. Dalawa sa kanila ay nagtungo sa Sodoma at nangaral ng Ebanghelyo sa kanila na nagsilabas — kina Lot. Tama ba iyon? Ngunitang Isa ay nanatili sa piling ni Abraham. Pansinin, yaong nanatili sa piling ni Abraham ay ang Diyos mismo; ang dalawa ay mga Anghel na mensahero.

56 Ngayon, wala silang ginawang himala sa Sodoma, maliban sa binulag nila sila; at ang pangangaral ng Ebanghelyo ay laging bumubulag sa kanila.

Ngayon, tingnan ninyo ang ganiyang kaayusan ng kaarawang iyon. Naroon ang isang iglesiang natural. Ang Diyos sa tuwina ay kinakatawan sa tatluhan (gaya ng sinabi ko kagabi). Naroon ang mga Sodomita, ang angkan ni Lot, at ang angkan ni Abraham. Ganoon din ngayong gabi, ang kaayusan ng mundo ay ganiyan din ngayon.

Hayaan n'yong tanungin ko kayo. Tingnan ninyo ngayon ang pagkakasaayos ng tagpong ito. Tinawag ni Abraham na Elohim ang lalaking iyon na nakipag-usap sa kaniya. Ang salitang "Elohim" sa Hebreo ay nangangahulugang "Yaong sapat sa lahat, yaong Eternal, Elohim, ang Diyosmismo."

Sa pasimula . . . Ang sabi ngGenesis 1, "Nang pasimula, ang Diyos . . ." Kunin ninyo ang salitang Hebreong ginamit diyan — ang salitang Griego pala, "Nang pasimula nilikha ni Elohim ang langit at lupa."

57 Narito, Siya, sa Genesis, mga ika-22 . . . Angsabi Niya . . .? . . . Simulan n'yo sa — o sa bandang ika-20 . . . Ang sabiNiya . . . At tinawag niyang Elohim ang Lalaking ito. Bakit niya ginawa iyon?Ang Diyos ay naikatawan sa isang laman ng tao, na umupong kasama ni Abraham at kumain ng tinapay na may palamang karneng-baka, uminom ng gatas, kumain ngtinapay (Ang Diyos mismo) at naglaho sa harap mismo ni Abraham.

Ngunit binigyan Niya Siya ngisang tanda. Pansinin, at ang tandang iyon ay nang tumalikod Siya sa kubol.

At alalahanin, si Abraham,ang ngalan niya ay Abram ilang araw pa lamang ang nakalilipas, at si Sarah ay dating Sarra — Sa-r-r-a, pagkatapos ay naging S-a-r-a-h at ang A-b-r-a-m aynaging A-b-r-a-ha-m. Ang "Abraham" ay nangangahulugang "ama ng mga bansa."

Ngayon, masdan ninyo itong mabuti, at makikitanatin ang tagpo ng oras na kinabubuhayan natin, tulad ng sinabi sa atin ni Jesus na abangan natin ang gintong tagpo. Nakita na nating tumugma na ang lahat ng iba pa; ngayon naman ay tingnan ang Makaharing Binhi, ano bang tagpo ang dapat nilang makita.

Ngayon, sinabi ng Lalaking ito,"Abraham, nasaan ang asawa mong si Sarah?"

At ang sabi ni Abraham, "Nasaloob siya ng kubol sa likuran Mo."

Ngayon, hindi pa Niya siya nakita kailan man. Paano Niyang nalaman na ang pangalan niya ay Abraham? Paano Niya nalalaman na ang pangalan niya ay S-a-r-a-h? "Abraham, nasaan ang asawa mong si Sarah?" Ang sabi niya, "Nasa loob siya ng kubol sa likuran Mo."

At sinabi Niya, "Ako (Ako, isang panghalip na panao) — Ako ay dadalaw sa inyo ayon sa pangako. Magkakaanak ang asawa mo. Nagtiwala ka sa Akin; ngayon ay tutuparin ko iyon."

58 At si Sarah na nasa loob ng kubol sa likuran(palihim siyang nakikinig), nakikinig siya roon sa tolda, ang sabi niya —nagtawa siya sa kaniyang sarili at ang sabi, "Ngayon, ako, sa tanda kong ito, magkakaroon pa ba ako ng ligaya sa piling ng aking panginoon samantalang matandana rin siya, hayun siya sa labas at sandaang taong gulang na! Aba eh, hindi nanga kami nagtatabi sa loob ng napakarami nang mga taon."

At ang Lalaking iyon, M-a-n,ay nakaupo roon at kumakain, nasa katawang tao, umiinom at kumakain tulad ngisang karaniwang tao na may alikabok ang damit, at maalikabok ang Kaniyang paa,at hinugasan pa nga iyon ni Abraham: Ang Diyos Mismo ay lumingon at sinabi Niya, "Bakit tumawa si Sarah doon sa loob ng kubol na nagsasabi ng ganito?"Alam Niya, nalaman Niya ang kaisipan ni Sarah na nasa loob ng kubol sa likuran Niya. Tama ba iyon?

Ngayon, nang pumarito sa lupa ang Makaharing Binhi ni Abraham, anong tanda ang pinakita Niya? (Anak ng tao.) Lumapit si Simeon sa Kaniya isang araw. Dinala siya ni Andres. Ang sabi Niya, "Ang pangalan mo ay Simon; anak ka ni Jonas." Ang sabi niya . . . Kita n'yo, naging mananampalataya siya dahil doon.

59 Sinundo ni Felipe si Natanael; pagbalik niya ang sabi niya, "Halika't tingnan mo ang lalaking nasumpungan namin: si Jesus na taga Nazaret, ang Anak ni Jose."

Ang sabi niya, "Sandali lang. Mangyayari bagang lumitaw ang anumang mabuti mula sa panatisismong iyon?" Ang sabi niya, "Halika't tingnan mo."

Kaya nang lumapit si Felipesa Presensiya ni Jesus kasama ni Natanael, tiningnan siya ni Jesus at sinabi, "Narito ang isang Israelita na sa kaniya'y walang daya."

Ang sabi niya, "Rabi, kailan Mo ako nakilala?

Sumagot Siya, "Bago ka pa tinawag ni Felipe, nang ikaw ay nasa ilalim ng puno, ay nakita na kita." Ang sabi niya, "Rabi, Ikaw ang Anak ng Diyos! Ikaw ang Hari ng Israel!"

60 Nang pumaroon (sa isang lugar na tanaw natanaw ang paligid tulad nito) ang babae sa balon, sa kalagayan niyang imoral, upang magsalok ng tubig, inutusan ni Jesus ang Kaniyang mga alagad upang kumuhang pagkain. At nang pumaroon siya upang magsalok, sinabi Niya, " Painumin mo Ako, babae."

Sumagot siya, "Hindi marapatna magsabi Ka ng ganiyan. Mayroon tayong pagbubukod dito. Ngayon, kayong mgaJudio ay hindi nakikisama sa aming mga Samaritano; wala kaming anumang pakikisama sa inyo."

Sumagot Siya, "Ngunit babae, kung nakikilala mo kung Sino ang kausap mo, ikaw ang hihingi sa Akin ng maiinom. Bibigyan kita ng tubig na hindi mo na kailangan igibin dito."

Nalaman Niya kung ano ang kalagayan niya, kung ano iyon. Ang sabi Niya, "Humayo ka at tawagin mo ang iyong asawa atpumarito ka." Sumagot Siya, "Wala akong asawa."

Ang sabi Niya, "Totoo ang sinabi mo. Nagkaroon ka na ng limang asawa, at ang kinakasama mo ngayon ay hindi mo asawa."

Sumagot siya, “Ginoo, napaghahalata kong Ikaw ay isang propeta. Nalalaman naming kapag dumating ang Mesias ay ipakikita Niya sa amin ang mga bagay na ito.”

Ang sabi ni Jesus, “Ako nga Siya.”

Sa gayo'y dali-dali siyang nagtungo sa bayan at nagsabi, “Magsiparito kayo, tingnan ninyo ang isang Lalaki na nagsabi sa akin ng lahat ng mga bagay na ginawa ko. Hindi baga ito ang Mesias?

61 Masdan ninyo, ginawa Niya iyon sa harap ng mg Judio at ng mga Samaritano, ngunit hindi kailan man sa harap ng mga Hentil. Tayong mga Hentil ay mga hiteno noong mga araw na iyon (ang ibang mga bansa),may pambambo tayong dala sa ating likuran, sumasamba sa mga diyus-diyosan; walatayong hinihintay na Mesias.

Nagpapakita lamang Siya doonsa mga naghihintay sa Kaniya, at dapat sana'y naghihintay tayo sa Kaniya.

Ngunit ang mga nagsasabing naghihintay sa Kaniya, ang iglesia mismo, nang makita nilang gawin Niya iyon,nagsisipagsabi sila, “Isa siyang demonyo; isa siyang manghuhula, isang Beelzebub.”

At sinabi ni Jesus na ang kasalanang iyon ay mapapatawad sa kanila sapagkat hindi pa Siya namamatay, ngunit ayon sa Kaniya isang araw ay darating ang Espiritu Santo at ganito rin ang Kaniyang gagawin,at pag nagsalita ka laban Dito hindi na ito mapapatawad pa kailan man. Ito naang araw na iyon. Kung kailan ang bawat Salita ay kailangang magkalakip-lakip. Magsalita ka ng isang salita laban Dito, hindi na ito mapapatawad kailan man samundong ito o sa mundong darating.

62 Iyon ang Makaharing Binhi ni Abraham. At narito, ang Makaharing Binhing iyon ni Abraham (na dumating sa pagpapakilala ng Lalaking iyon na umupong kasama ni Abraham) ay pumarito upang patunayan na ang Diyos ding iyon ang nangako no'n sa araw na ito, na kung ano ang naganap sa mga kaarawan ng Sodoma, magkakagayon din sa pagdating ng Anak ng tao, sa panahong hinahayag Niya ang Sarili Niya bilang Anak ng tao. Amen. Ito ang araw upang matupad ang Kasulatang iyon.

Tingnan ninyo ang tagpo natin sa araw na ito.Tingnan ninyo ang iglesia kung saan ang Anak ng Diyos . . . Tingnan ninyo ang makulimlim na kaarawan. Tingnan ninyo ang lahat ng mga hula. Ngayon, kataka-taka — napapanahon na upang pumarito na ating mga bisita, kung ang tagpo ay kailangang maging tulad sa Sodoma.

Tatlo silang dumating — tatlong katangi-tanging mga lalaki na sinugo mula sa Langit; aaminin natin iyon — tatlosila; Ang Isa ay nanatili sa piling ni Abraham. Silang lahat ay nagsimulang pumaroon ngunit ang Isa ay nanatili sa piling ni Abraham; ang iba ay nagtungo sa Sodoma. Tama ba? At nabago ang pangalan ni Abraham, mula sa pagiging Abram naging Abraham iyon. Tama? Hindi kailan man nangyari sa kasaysayan ngiglesia ng sanlibutan na pinuntahan ito ng isang ebanghelista na may pangalang nagtatapos sa h-a-m hanggang sa dumating ang araw na ito — Billy G-r-a-h-a-m.Tama ba? G-r-ah-a-m, anim na titik. Ang A-b-r-a-h-a-m ay pitong titik, ngunit ang G-r-a-h-am ay anim na titik, na kumakatawan sa mundo: sa tao. Kita n'yo?

63 Tingnan ninyo na ang humayo roon sa araw naito ay mga mensahero mula sa Langit.

Mayroon bang lalaki sa lupa na nakapangaral ng pagsisi nang kasing linaw ng pangangaral ni Billy Granham? Nagkaroon ba ng lalaking naging kasing epektibo ni Billy Graham sa mga tao? Wala pang lumitaw na ganitong lalaki kailan man sa buong mundo. Oh, si BillySunday at iba pa ay narito noon sa Estados Unidos, ngunit si Billy Graham aykilala sa buong mundo. Nakikita ba ninyo kung saan Siya tumatawag? Sa Sodoma.

At naroon ang kasama niya sa iglesiang Pentecostal: isang Oral Roberts.

Ngunit paano naman angpangkat ng Hinirang? Ano'ng uri ng tanda ang dapat nilang makita? Ano'ng dapat mapasakanila? Aleluia! “Magliliwanag sa panahon ng gabi.” Sa araw na ito ay ganap na ang Kasulatang ito. Sa araw na ito ay ganap na ang pangako ng Diyos.Alam nating totoo iyan. Naririto Siya ngayong gabi katulad din naman noon.

64 gayon, upang ipangaral iyon . . . Katulad ngsinabi ko kanina, kung mangangaral ka ng anuman at iyo'y katotohanan ng Ebanghelyo, kung gayo'y obligado ang Diyos na ibindika iyon. Totoo ba iyon? Ngayon, kung totoo iyon, nawa ang Diyos na sumulat ng Salita, nawa ang Diyos nabumigkas ng pangako, nawa ang Diyos Na Siyang Diyos ng Salita ay dumating at patunay ang Diyos pa rin Siya hanggang ngayon.

Katulad nang umakyat si Eliassa bundok — minasdan ni Eliseo si Elias, ang sabi niya, “Nais ko ng dobleng bahagi.” At nahulog kay Eliseo ang balabal ni Elias. Lumusong siya at tinupiang balabal na iyon at hinampas ang ilog at nagsabi, “Nasaan ang Diyos niElias?” At kung ano ang nangyari kay Elias ay nangyari rin kay Eliseo. At ang Ebanghelyo, ang kapangyarihan, ang Anak ng tao kahapon ay siya rin

ngayon, at magpakailan man: Hebreo 13:8.Sumasampalataya ba kayo roon? Ngayon, hinihiling ko sa inyo. Hindi ako maaaring maging Siya, ngunit Siya ay naririto. Tayo ay tagapagdala lamang.

65 Ilan sa inyong mga taong may sakit at nagbabata riyan (alam ninyo na hindi ko kayo kilala, hayaan natin ngayon angDiyos, kung magagawa kong magpakumbaba nang sapat . . . manalangin kayo at humiling sa Diyos.

Hindi ko iniisip . . . Walang isa mang prayercard sa gusali, mayroon ba? Wala, hindi ako . . . Hindi kami namigay ng prayercards. Magkakaroon tayo ng prayer meeting — o ng pagpapagaling sa mga may sakit dito sa simbahan. Ngunit manalangin kayo,

At alam ninyong talagang hindi ko kayo kakilala. Kita n'yo? Kilala ninyo ako, Jeffersonville! Ayaw kong gawin iyon sa mga taga Jeffersonville; ang nais ko'y ang mga taong galing samalayo. Tingnan natin kung hanggang ngayon ay naghahayag pa rin Siya. Tingnannatin kung Siya'y katulad pa rin ng kahapon, ngyon, at magpakailanman.

Gayahin ninyo ang ginawa ngmunting babae. Dumaan siya at sinabi niya, "Sumasampalataya ako sa Lalakingito." Dinudugo siya ngunit sinabi niya, "Kung mahihipo ko lang ang laylayan ng Kaniyang damit, sumasampalataya akong ako'y gagaling." Tama ba iyon?

Dahil sa kaniyang pananampalataya, sa araw ding iyon ay naganap ang Kasulatan. Pinagaling Niya ang mga pusong nababagabag, pinagaling Niya ang mga maysakit at ang mga lumpo.

Nang hipuin niya ang Kaniyang damit at lumakad siya't naupo, lumingon Siya at sinabi, "Sino ng humipo sa Akin?" Paano Niya nalaman sa gitna ng karamihan ng mga taong naroroon (marahilay tatlumpong ulit ng mga taong naririto ngayong gabi, libu-libo sila), paano Niya iyon nalaman? Ang sabi Niya, "Sino'ng humipo sa Akin?" Hindi lang Niya basta sinabi iyon. Sinabi Niya iyon sapagkat totoo iyon. At sinabi Niya,"Sino'ng humipo sa Akin?" At lumingon Siya at tuwiran Niyang nakita ang babaeng iyon (kung saan Siya nakaupo o nakatayo, anuman ang posisyon Niya), sinabi Niya sa kaniya na tapos na ang pag-agas ng kaniyang dugo.

Iyon si Jesus kahapon; Iyon Siya ngayon.

Sumasampalataya ba kayo roon?

66 Hindi kita kilala; ang Diyos ang nakakikilala sa iyo. Ngunit mayroon kang kirot sa iyong tagiliran na gumagambala sa iyo. Tama. Nakupo ka riyan at nananalangin tungkol dito. Hindi mo ba ako kilala? Hindi natin kilala ang isa't-isa; tumayo ka kung totoo iyan. Hindi kita kilala. Ang lalaking ito dito sa sulok, ang binatilyong ito. Masakit din ang iyong lalamunan. Tama. Idinadalangin mo iyan; nininiyerbyos ka tungkol sa isang bagay. Kakailanganin mo nang lisanin anggawain dahil isa kang ministro. May mga usapan kang kailangan mong harapin.Tama. Naniniwala ka bang kilala ka ng Diyos? Kagalang-galang na G. Smith, ngayon ay maaari ka nang umalis at gumaling, pinagaling ka na ni Cristo. Magtungo ka na sa iyong pakikipagpulong; hindi ka na gagambalain ng lalamunan mo. Sino'ng nahipo Niya?

67 Ang lalaking nakaupo sa gawain ito; may dinaramdam siya; may tumor siya sa kaliwang baga niya. Hindi siya tagarito. Dati kang minero. Tama. Talagang hindimo ako kilala; kung totoo iyon, ikaway mo ang kamay mo. Ang tumor ay nasa iyong kaliwang baga, at nakatakda ka nang operahan sa lalong madaling panahon. Tamaba? A-ha . Hindi ka tagarito; taga ibang bayan ka. Taga Virginia ka. Tama. Naniniwala ka bang kilala ka ng Diyos? G. Mitchell (Tama.), umuwi ka na atgumaling. Pinagaling ka ni Jesus Cristo. Tanungin n'yo ang lalaking iyon; hindi ko pa siya nakita sa tanang buhay ko. Nakaupo siya roon na nananalangin. Saaraw na ito ang Kasulatan ay . . .

Narito ang isang babae nanakaupo rito sa aking likuran, tulad nang si Sarah ay nasa tolda. Nananalanginsiya para sa isang anak na babae niya. Magtindig ka. Wala rito ang kaniyanganak; nasa malayo siya. Ang anak niya ay may . . . Katulad ka nung babaeng lumapit kay Jesus na may anak na labis na pinahihirapan ng diablo. Ang babae ay— ay batang babae ay inaalihan ng demonyo. Wala siya rito, siya at taga — taga North Carolina ka. Naniniwala ka ba roon, at hindi ba't iyon ang Katotohanan? Gng. Orders, maaari ka nang umuwi. Kung sasampalataya ka nang buong puso mo,masususmpungan mo ang anak mo katulad ng sinabi ni Jesus Cristo matagal napanahon na.

68 Sa araw na ito ang Kasulatang ito — ang tanda ng Sodoma, ang tanda ng Super Seed, ang tanda ng iglesiang natural, ngayo'y naganap ang Kasulatang ito sa inyong kalagitnaan. Sumasampalataya ba kayo rito?

Tatanggapin ba ninyo Siya ngayon bilang inyong Tagapagpagaling? Magsitidig ang bawat isa sa inyo atmagsabi, "Tinatanggap ko na ang aking kagalingan; tinatanggap ko Siya bilang Tagapagligtas ko; tinatanggap ko Siya bilang Hari ko." Magsitayo ang bawat isasa inyo. Ngayon . . . Makinig kayo mgakaibigan.

Binasa Niya ang Kasaulatan, inabot ang Biblia pabalik sa pari, at nagsabi, “Ngayo'y naganap ang Kasulatangito.”

Binasa ko ang Kasulatan,kalakip ang may isang dosena o higit pang mga katunayan na tayo'y nabubuhay nasa huling araw, ang henerasyon na makasasaksi ng pagbabalik ni Jesus Cristo salupa. At sinasabi kong muli sa inyo ngayong gabi, sa araw na ito ay ganap naang Kasulatang ito sa inyong paningin.

Kayong mga nasa Tucson,kayong mga nasa California, kayong mga nasa New York, sa mga telephone hook-up na ito, sa araw na ito ay natutupad na ang Kasulatang ito sa inyong paningin.

Mangagalak tayo at mangagsaya, sapagkat nalalapit na ang kasal ng Kordero, at ang Kaniyang Nobya ay naghahanda na ng Kaniyang Sarili.

Itaas natin ang ating mga kamay at luwalhatiin natin Siya, lahat kayo. Pagpalain kayo ng Diyos.

MESSAGE hub online
www.messagehub.info

Pangangaral ni
William Marrion Branham
"... sa mga araw ng tinig ..." Apocalipsis 10:7